فتاوى مهمة تتعلق بالصلاة - فلبيني

# Mga Sagot sa Mga Tanong

# TUNGKOL SA SALAH



جمعية الدعوة بالزلفي


جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

15

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

# Mga Sagot sa Mga Tanong Tungkol sa S̲aláh

## فتاوى الصلاة – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# فتاوى مهمة تتعلق في الصلاة

**تأليف: سماحة الشيخ عبد العزيز بن عبد الله بن باز**

**ترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الثالثة: ١٤٤٢/١ هـ**

**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٥ هـ**

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية
ابن باز، عبد العزيز بن عبد الله
فتاوى الصلاة ترجمة / شعبة توعية الجاليات بالزلفي –
الزلفي، ١٤٢٢هـ
٣٦ ص؛ ١٢ × ١٧ سم
ردمك: ٥ـ ٤٥ـ ٨١٣ـ٩٩٦٠
(النص باللغة الفلبينية)
١. الصلاة ٢. الفتاوى الشرعية أ. العنوان
ديوي ٢٥٢,٢ ١٥/٣٠٥٩

**رقم الإيداع: ١٥/٣٠٥٩**
**ردمك: ٥ـ ٤ـ ٨١٣ـ٩٩٦٠**

## Mga Nilalaman


Talasalitaan ........................................................................7

1. Ang *saláh* ng nagsagawa ng *saláh* nang walang anumang nakapatong sa balikatniya ..........................11
2. Ang nagsagawa ng *saláh* nang hindi nakaharap sa *qiblah* matapos na nagsikap siya na hanapin ito.........12
3. Ang pagbigkas ng *níyah* sa pagsasagawa ng *saláh* .....12
4. Ang pagsasagawa ng *saláh* sa *Hijr Ismá'íl* ................13
5. Ang ipinagkaiba ng dugo ng regla sa *istihádah* .........14
6. Ang pagsasagawa ng *saláh* na hindi naisagawa at ang pagkasunod-sunod ng *saláh* ay isang kondisyon ba...16
7. Ang bahagi ng katawan ng babae na maaaring ilabas kapag nagsasagawa ng *saláh* ....................................18
8. Kailangan bang isagawa ang *saláh* sa *dhuhr* o *maghrib* kapag tumigil ang regla sa oras ng '*asr* o *'ishá'*?.......19
9. Ang pagpapahuli ng maraming manggagawa sa pagsasagawa ng *saláh* sa takdang oras nito................20
10. Ang pag-uulit ng *saláh* matapos magsagawa ng *taslím* kapag may nakitang *najásah* sa damit........................22
11. Ang hatol sa taong huminto sa pagsasagawa ng *saláh* o sa nagpapabaya rito at ang tungkulin sa kanya ..........23
12. Isasagawa pa ba ng nawalan ng malay sanhi ng sakuna ang mga *saláh* na hindi niya naisagawa ......................29
13. Ang pagpapaliban sa *saláh* ng mga may-sakit ...........30
14. Ang hatol sa hindi nagsasagawa ng *saláh* ..................31
15. Ang pagtawag ng *adhán* matapos ang oras nito at ang tungkuling tumawag ng *adhán* sa ilang.....................33
16. Ipinahihintulot ba sa mga babae ang pagtawag ng *adhán* at *iqámah* .......................................................34
17. Tanggap ba ang *saláh* na walang *iqámah*..................35

18.Ang hatol sa pagsasagawa ng *s̲aláh* sa harap ng *sutrah* at kung maaaring gawing *sutrah* ang guhit ................36
19.Ang pagpatong ng kanang kamay sa kaliwang kamay habang nagsasagawa ng *s̲aláh* ..................................38
20.Ang *jalsatul istiráh̲ah* at kung kanino nauukol .........39
21.Ang pagsasagawa ng *s̲aláh* sa loob ng eroplano ........39
22.Ang walang kabuluhang kilos ng nagsasagawa ng *s̲aláh* at payo sa sinumang gumagawa nito ..........................41
23.Ang paglapag ng tuhod bago ang kamay sa pagpapatirapa ay ang higit na mainam o ang kabaliktaran ..........................42
24.Ang pag-ehem at ang pag-iyak sa *s̲aláh*.....................44
25.Ang pakikipagkamay pagkatapos ng *s̲aláh* ................45
26.Ang pagpapalit ng lugar upang magsagawa ng *s̲aláh* na *sunnah* pagkatapos ng *s̲aláh*.....................................47
27.*S̲ah̲íh̲* ba ang *H̲adíth* na humihimok sa pagbigkas ng *du'á'* na ***lá iláha illalláh wah̲dahu lá sharíka*** matapos ang *s̲aláh* sa *fajr* at *maghrib*........................................47
28.Ang hatol sa nagpapabaya sa pagdalo sa *s̲aláh* sa *jamá'ah* at ang pagpapabula sa ilang mga akala tungkol dito ......50
29.Ang pagbabasa ng *ma'múm* sa *súratul fátih̲ah* sa likod *imám* at kung kailan niya ito babasahin .....................53
30.Ang paninigarilyo at ang anong bagay na may masamang amoy ay maituturing bang parang pagkain ng sibuyas .....56
31.Ang tanong tungkol sa kung saan sa likuran ng *imám* sisimulan ang hanay ng *s̲aláh*....................................58
32.Ang nagsasagawa ng *s̲aláh* na *fard̲* sa likod ng nagsasagawa ng *s̲aláh* na *sunnah* .............................58
33.Ang hatol sa *s̲aláh* ng *munfarid* (mag-isang nagsasagawa ng *s̲aláh*) sa likuran ng hanay................60
34.Ang *níyah* ba ay kondisyon saa pamumuno sa *s̲aláh* at ang hatol sa pamumuno ng isang *masbúq* sa *s̲aláh* ........61

35.Ang naabutan ng *masbúq* kasama ng *imám* ay itinuturing bang simula ng *saláh* o katapusan nito…..63
36.Ang *saláh* sa labas ng masjid kapag puno na.............65
37.Paano ang paghabol sa *saláh*....................................66
38.Nararapat bang hintayin ng *imám* ang pumapasok upang maabutan nito ang *rak‘ah* o hindi.....................67
39.Paanong ipupuwesto ang bata sa *saláh* at kondisyon ba ang pagiging *mukallaf* sa pagsama ng bata sa hanay .67
40.Ang pagsasagawa ng isa pang *saláh* sa *jamá‘ah* matapos maisagawa ang unang *saláh* sa *jamá‘a* ........68
41.Ano ang gagawin kapag nasira ang *wudú’* ng *imám* ..69
42.Paanong naaabutan ang *jamá‘ah*................................70
43.Ang hatol sa *saláh* sa *jamá‘ah* na pinamunuan ng *imám* na nakalimot magsagawa ng *wudú’*............................72
44.Ang hatol sa pamumuno sa *saláh* ng hayagang gumagawa ng mga maliit na kasalanan gaya ng paninigarilyo ....73
45.Ang puwesto ng *ma’múm* kasama ng *imám* kapag ang *ma’múm* ay nag-iisa..................................................73
46.Ang gagawin kapag nagduda kung nakapagsagawa ba ng tatlo o apat na *rak‘ah*............................................73
47.Sa *sujúdus sahw* ay magpapatirapa ba matapos magsagawa ng *taslím* o bago magsagawa nito........... 75
48.Ang *sujúdus sahw* ng *masbúq* at *ma’múm* .................76
49.Ang *sujúdus sahw* sanhi ng ilang mga pangyayari.....77
50.Ang pagsasama at pagpapaikli ba ng *saláh* ay laging magkasama ba at ang mainam ba para sa *musáfir* ay ang pagpapaikli nang walang pagsasama ng mga *saláh* o ang kapwa pagsasasama at pagpapaikli.......................79
51.Kailan may karapatan ang *musáfir* na pagsamahin at paikliin ang *saláh* .......................................................81

52.Gaano kalayo ang lalakbayin upang mapahintulutan ang pagpapaikli ng *saláh* ..........................................82
53.Ang pagsasama sa mga *saláh* sa *maghrib* at *'ishá'* kapag may ulan sa panahong hindi naglalakbay..................82
54.Ang *níyah* ba ay isang kondisyon para mapahintulutan ang pagsasama ng *saláh* ..........................................83
55.Ang tuloy-tuloy na pagsasagawa ng dalawang *saláh* ay isang kondisyon ba sa pagsasama ng *saláh*................84
56.Ang *musáfir* na napadaan sa isang masjid sa oras ng *dhuhr* ay magsasagawa ba ng *saláh* na *dhuhr* kasama ng *jamá'ah* at pagkatapos ay saka magsagawa ng pinaikling *'asr*.....84
57.Ang *saláh* ng di-*musáfir* sa likuran ng *imám* na *musáfir* at kailangan pa bang paikliin ang *saláh* ng *musáfir* kung siya ay *imám* o *ma'múm* ..................................86
58.Sa pagsasama ng *saláh* sa *maghrib* at *'ishá'* kapag may ulan ay maaaring may isang grupo na darating habang ang *imám* ay nagsasagawa ng *'ishá'* kaya kapag sumabay sila dahil sa pag-aakalang nagsasagawa ng *maghrib*, ano ang gagawin nila kapag nalamang *'ishá'* pala ang isinagawa? ……...86
59.Ang mga *saláh* na *sunnah* samantalang naglalakbay .87
60.Ang ilan sa mga usapin hinggil sa *sujúdut tiláwah* ....89
61.Ang pagsasagawa ng *saláh* sa *solar eclipse* o *tahiyatil masjid* sa oras na bawal magsagawa ng *saláh*............91
62.Ang sabay-sabay na pagbigkas ba ng *dhikr* ay *sunnah*: ang pagbigkas dito nang may tunog o mahina .............93
63.Nasisira ba ang *saláh* kapag nakalimot at nakapagsalita habang nagsasagawa ng *saláh* ..................................94

# Talasalitaan

***Allah***: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay pangngalang pantangi at hindi pang-ngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa panga-lang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino at ng Ministry of Islamic Affairs sa Saudi Arabia.

***da'íf***: *Hadíth* na hindi mapananaligan kaya naman hindi dapat gamitin na patunay

***dhikr***: Pangungusap o katagang Arabe na ginamit ng Sugo ni Allah (SAS) sa pag-alaala kay Allah

***du'á'***: Panalangin sa wikang Arabe na itinuro ng Propeta (SAS) o hinango mula sa Qur'an; personal na panalangin sa anumang wika

***fard***: Tungkulin o pagsambang kailangang gawin

***Hadíth***: Ulat tungkol sa kung ano ang sinabi, ang ginawa, at ang sinang-ayunan ng Propeta (SAS)

***imám***: Ang namumuno sa pagsasagawa ng *saláh*

***jamá'ah***: Pangkat ng mga taong sama-samang nagdadasal sa pamumuno ng isang imám. Ang jamá'ah ay binubuo ng dalawang tao o higit pa.

***ma'múm***: Taong pinamumunuan ng imám sa saláh

***masbúq***: Nahuli sa paglahok sa saláh sa jamá'ah

***makrúh***: Hindi kanais-kanais ngunit hindi ipinagbabawal

***muftarid***: Nagsasagawa ng saláh na fard

***mukallaf***: Isang Muslim na kailangang magsagawa ng mga gawain at mga pag-sambang ipinag-utos ng Islam. Siya ay isang ***mukallaf*** na kung siya ay ‘áqil (may sapat na pag-iisip) at báligh (nasa wastong gulang). Báligh na ang isang Muslim kapag naganap na ang alinman sa sumusunod: (1) Kapag naging 15 taong gulang na, (2) Kapag tinubuan na ng mga buhok sa maselang bahagi ng katawan, (3) Kapag nilabasan ng punlay sa panaginip (*wet dream*) o sa ano pa mang paraan, (4) Kapag ang isang babae ay may regla na.

***munfarid***: Taong mag-isang nagsasagawa ng saláh

***musáfir***: Manlalakbay. Magiging musáfir ang tao kapag lumabas siya sa bayan niya at pumunta sa isang lugar na ang layo mula sa sariling bayan niya ay hindi bababa sa 80 Kilometro.

***mustahabb***: Kanais-nais ngunit hindi fard

***mutanaffil***: Nagsasagawa ng saláh na hindi fard

***náfilah***: Anumang gawain o pagsamba o na kusang-loob na isinagsagawa

***níyah***: Layunin o hangaring gawin ang isang gawain

***rak‘ah***: Isang yunit ng saláh

***qadá’***: Pagsasagawa ng mga nakaligtaang pagsamba, gaya ng *saláh* o pag-aayuno, sa ibang oras o ibang araw bilang kabayaran

***Sahabí*:** Kasamahan ng Propeta. Siya ay ang sinumang taong nakakita at naniwala kay Propeta Muhammad (SAS) at namatay na Muslim. Ang sinabi o ang ginawa niya ay magagamit na batayan sa *Sharí'ah*. Ang pangmaramihan nito ay *Saháb ah*.

***sahíh*:** *Hadíth* na napatunayang totoo kaya ginagamit na patunay upang katigan ang isang hatol o isang alituntunin

***Sahíhán*:** Dalawang bantog na aklat ng *Hadíth*: Ang Sahíh al-Bukhárí at ang Sahíh Muslim

***Sharí'ah*:** Kabuuan ng mga patakaran ng Islam na batay sa Qur'an at Sunnah na kinapalooban ng mga alituntunin sa pagsamba, kaasalan at batas

***sunnah*:** Gawain o pagsamba na hindi kailangang gawin ngunit kanais-nais gawin dahil laging ginagawa ng Sugo (SAS) noon o ayon sa ginagawa niya noon

***taslím*:** Ang pagsasabi ng **assalámu 'alaykum wa rahmatulláh** habang lumilingon sa kanan at ang pagsabi uli nito habang lumilingon naman sa kaliwa

***tahárah*:** Itinakdang paunang paglilinis para sa *saláh*

***tawáf*:** Pag-ikot nang pitong ulit sa palibot ng Ka'bah. Ito ay isa sa mga gawain ng hajj at 'umrah.

**SAS:** **S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

**RA:** **R**adiyalláhu ‘**A**nhu para sa lalaki, **R**adiya -lláhu ‘**A**nhá para sa babae at **R**adiya -lláhu ‘**A**nhum para sa maramihan: Kasiyahan siya (o sila) ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ng Sahábí o asawa ni Propeta (SAS).

# فتاوى الصلاة
# Mga Sagot sa mga Tanong Tungkol sa Saláh

**1.** May mga taong nagsasagawa ng *saláh* na *fard* ngunit walang ano mang nakatakip sa mga balikat nila lalong-lalo na sa panahon ng *hájj* (o *'umrah*) habang nasa sandali ng *ihrám*;[1] kaya ano po ang hatol doon?

**Sagot**: Kung hindi niya magawang takpan, wala siyang anumang kasalanan dahil ang sabi ni Allah (64:16): **"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,"**[2] at dahil ang sabi ng Propeta (SAS) kay Jábir ibnu 'Abdulláh (RA): ***"Kung ang tela ay malapad, ipambalot mo ito (sa buong katawan); at kung makitid, ipantapis mo ito."*** Itinala ito sa *Sahíhayn*. Subalit kung may kakayahan naman siyang takpan ang mga balikat o ang isa sa mga ito, tungkulin niyang takpan ang mga ito o ang isa sa mga ito ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas ng Islam. Kung hinayaan niya iyon na walang takip, hindi matatanggap ang *saláh* niya sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi magdadasal ang isa sa inyo sa iisang kasuutan***

---

[1] Ang *ihrám* ay isa sa mga gawain sa *hajj* at *'umrah*.

[2] Ang mga talata ng Qur'an o ang mga *Hadíth* na sinipi rito ay salin lamang—ayon sa kakayahan ng tagapagsalin—ng kahulugan ng Salita ni Allah, o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS).

***nang walang anumang nakapatong sa balikat niya."*** Ang *Hadíth* na ito ay napagkaisahan ang katumpakan. Si Allah ang tagapagpatnubay.

**2.** Ano po ang hatol kapag napag-alamang ang *saláh* ay naisagawa na hindi pala nakaharap sa *qiblah* matapos ang pagsisikap na alamin ang *qiblah*? Mayroon po bang pagkakaiba kung naganap iyon sa lugar ng mga Muslim o sa lugar ng mga di-Muslim o naganap sa ilang?

**Sagot**: Kapag ang isang Muslim ay nasa paglalakbay o nasa isang bayang hindi magiging madaling makatagpo roon ng makapagtuturo kung nasaang dako ang *qiblah*, ang kanyang *saláh* ay tanggap kapag nagsikap siyang hanapin ang *qiblah* ngunit pagkatapos ay naging malinaw na siya ay nagdasal na hindi pala nakaharap sa *qiblah*. Subalit kung siya ay nasa lugar ng mga Muslim, ang *saláh* niya ay hindi tanggap [kung hindi nakaharap sa *qiblah*] sapagkat maaari siyang makapagtanong sa isang makapagtuturo sa kanya kung nasaang dako ang *qiblah* at maaari rin niyang malaman ang *qiblah* sa pamamagitan ng mga masjid.

**3.** Naririnig namin na marami sa mga tao ang bumibigkas sa *níyah* sa pagpapasisimula sa *saláh*; ito po ba ay may batayan sa *Sharí'ah*?

**Sagot**: Walang batayan sa *Sharí'ah* ang pagbigkas ng *níyah* at hindi nakuha mula sa Propeta (SAS) ni sa

kanyang *Sahábah* (RA) ang pagbigkas ng *níyah* sa pagpapasimula sa pagsasagawa ng *saláh*. Ang *níyah* ay isinasapuso lamang sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa layunin at ang ukol sa bawat tao ay ang nilayon niya lamang."***

**4.** Nakikita natin ang ilan sa mga tao na nagsisiksikan upang makapagsagawa ng *saláh* sa loob ng *Hijr Ismá'íl*;[3] kaya ano po ang hatol sa pagsasagawa ng *saláh* sa loob niyon? Mayroon po ba itong kalamangan?

**Sagot**: Ang pagsasagawa ng *saláh* sa loob ng *Hijr Ismá'íl* ay *mustahabb* dahil ito ay bahagi ng Ka'bah. Napagtibay sa isang ulat tungkol sa Propeta (SAS) "na siya ay pumasok sa Ka'bah noong taon ng pagsakop ng Makkah at nagdasal ng dalawang *rak'ah* sa loob niyon." Napagkaisahan ang katumpakan ng ulat na ito mula sa *Hadíth* na isinalaysay ni Ibnu 'Umar (RA) mula kay Bilál (RA).

Napagtibay rin ayon sa kanya (SAS) na siya ay nagsabi kay 'Á'ishah (RA) nang nagnais itong pumasok sa Ka'bah: ***"Magdasal ka sa loob ng Hijr [Ismá'íl] dahil ito ay bahagi [ng Ka'bah]."***

Tungkol naman sa *saláh* na *fard*, higit na maingat ang hindi isagawa ito sa loob ng Ka'bah o *Hijr Ismá'íl* sapagkat ang Propeta (SAS) ay hindi nagsagawa niyon at sapagkat ang ilan sa mga pantas ng Islam ay nagsabing:

[3] Ang bahagi ng Ka'bah na hindi nasakop ng dingding nito.

"Iyon ay hindi magiging tumpak sa loob ng Ka'bah o sa loob ng *Hijr Ismá'íl* dahil ito ay bahagi ng Ka'bah."

Sa pamamagitan niyon, nalalaman na ang itinatagubilin ay ang pagsasagawa ng *saláh* na *fard* sa labas ng Ka'bah at sa labas ng *Hijr Ismá'íl* bilang pagtulad sa Propeta (SAS) at bilang pag-iwas sa pagsalungat sa mga pantas ng Islam na nagsasabing hindi tumpak ang pagsasagawa nito sa loob ng Ka'bah at *Hijr Ismá'íl*. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**5.** May ilang mga babaeng hindi nakakikilala sa ipinagkaiba ng regla sa *istiháḏah*[4] yayamang kapag nagpatuloy ang paglabas ng dugo (sanhi ng *istihadáh*) ay humihinto sila sa pagsasagawa ng *saláh* sa loob ng panahon na patuloy ang paglabas ng dugo; kaya ano po ang hatol doon?

**Sagot**: Ang regla ay dugong itinakda ni Allah na lumabas sa mga kababaihan sa bawat buwan, kadalasan, gaya ng nasasaad hinggil doon sa *Hadíth* na *sahíh* mula sa Sugo ni Allah (SAS).

Ang babaeng may *istiháḏah* ay may tatlong kalagayan:

**A.** Na siya ay hindi talaga nagkaroon ng regularna *period* sa simula pa lamang kaya ituturing niyang

---

[4] Ang *istiháḏah* ay ang patuloy na pagdurugo na hindi na talaga humihinto o kung huminto man ay sa loob lamang ng maikling panahon gaya ng isa o dalawang araw sa isang buwan. Iba ito sa regla.

regla ang dugong nakikita niya [na lumalabas] sa bawat buwan at hindi siya magsasagawa ng *saláh* o pag-aayuno (sa Ramadán) at hindi rin ipinahihintulot sa asawa niya na makipagtalik sa kanya hangga't hindi humihinto ang paglabas ng dugo, kapag ang haba ng pagdurugo ay 15 araw o mababa pa ayon sa nakararami sa mga pantas ng Islam. Ngunit kung nagpatuloy ang pagdurugo niya sa loob ng mahigit sa 15 araw, siya ay may *istihádah* at kailangang ituring niya ang sarili niya na nireregla sa loob ng 6 o 7 araw, sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagtulad sa [bilang ng araw ng pagreregla na] nangyayari sa mga kagaya niya sa mga kamag-anak niya, kapag wala siyang makitang pagkakaiba sa pagitan ng dugo ng regla at ng *istihádah*.

**B.** Kung may nakikita siyang pagkakaiba sa [dugo ng regla at ng *istihádah*], hihinto siya sa pagsasagawa ng *saláh* at pag-aayuno (kung buwan ng Ramadán) at sa pakikipagtalik sa kanyang asawa sa loob ng mga araw ng paglabas ng dugong kilala [na regla] dahil sa kaitiman ng kulay o kasagwaan ng amoy. Pagkatapos [kapag nawala na ang kaitiman at kasagwaan ng amoy ng dugo] ay maliligo siya at saka magsagawa ng *saláh*.[5] [Ituturing na regla ang

---

[5] Kahit may dugo pang lumalabas ay maaari nang magsagawa nang magdasal at makipagtalik sa asawa dahil ang dugong ito ay *istihádah* at hindi na regla.

dugong may kaitiman ang kulay at may kakaibang amoy] sa kondisyong hindi lalampas sa labinlimang araw ang paglabas niyon.

**C.** Na siya ay may dating regular na *period*;[6] kaya naman siya ay magtuturing sa sarili niya [na may regla kapag dumating na ang dating] *period* niya at pagkatapos niyon ay maliligo siya at magsasagawa ng *wudú'* para sa bawat *saláh* kapag sumapit ang oras nito hanggat may lumalabas pang dugo [ng *istihádah*]. Ipinahihintulot din sa kanyang asawa na makipagtalik sa kanya hanggang sa dumating ang oras ng kanyang period sa kasunod na buwan. Ito ang buod ng isinasaad ng mga *Hadíth* mula sa Propeta (SAS) hinggil sa babaeng may *istihádah*.

**6.** Kapag ang isang tao ay may isang *saláh* na nakaligtaang isagawa gaya ng *saláh* sa *dhuhr*, halimbawa, at naalaala ito noong naisagawa na ang *iqámah* ng *saláh* sa '*asr*, sasabay ba siya sa *jamá'ah* nang may *níyah* na magsasagawa ng *saláh* sa '*asr* o nang may *níyah* na magsasagawa ng *saláh* sa *dhuhr*? O isasagawa ba niya muna ang *dhuhr* lamang at pagkatapos ay isasagawa ang *'asr*? Ano ang kahulugan ng sabi ng mga *faqíh* na "kung natakot na malampasan ang

---

[6] Ang *period* na tinutukoy rito ay ang dating bilang ng mga araw ng kanyang pagreregla noong hindi pa siya nagkaroon ng *istihádah*, halimbawa ay anim o pitong araw buwan-buwan tuwing simula o kalagitnaan o katapusan ng buwan.

pangkasalukuyan [na *saláh*] ay isasaisang-tabi ang pagkakasunod-sunod”? Ang pag-aalala ba na malampasan ang *jamá‘ah* ay maaaring maging dahilan para isaisang-tabi ang pagkakasunod-sunod [ng mga *saláh*]?

**Sagot**: Ang itinatagubilin para sa sinumang napaalalahan sa katanungang ito ay na magsagawa, kasama ng *jamá‘ah*, ng [*saláh* na] pangkasalukuyan: ng *saláh* para sa *dhuhr* sa [kanyang] *níyah* at saka magsagawa ng *saláh* para sa ‘*asr* pagkatapos niyon dahil kinakailangang panatilihin ang pagkakasunod-sunod [ng mga *saláh*] at hindi isasaisang-tabi ang pagkakasunod-sunod dahil sa pag-aalalang baka malampasan ang [sa *saláh*] *jamá‘ah*. Tungkol naman sa sabi ng *faqíh*, kaawaan sila ni Allah, na “kung natakot na malampasan ang [*saláh* na] pangkasalukuyan ay isasaisang-tabi ang pagkakasunod-sunod,” ang kahulugan nito ay na inoobliga ang sinumang may nakaligtaang *saláh* na simulan ang pagsasagawa sa nakakaligtaan *saláh* bago ang *saláh* na pangkasalukuyang ngunit kung gahol na ang oras para sa *saláh* na pangkasalukuyan ay magsisimulan sa *saláh* na pangkasalukuyang. Ganito ang halimbawa nito: kailangan pa niyang isagawa ang *saláh* para sa *‘ishá’* ngunit naalaala niya lamang iyon nang malapit nang sumikat ang araw at hindi pa niya naisasagawa ang *saláh* sa *fajr* sa araw na iyon; kaya magsisimula muna siya sa pagsasagawa ng *saláh* sa *fajr* bago lumampas ang oras

nito sapagkat ang oras ay nakatakda para sa *saláh* sa *fajr* at pagkatapos nito ay saka niya isagawa ang nakaligtaang *saláh*.

**7.** Walang ingat ang marami sa mga babae sa pagsasagawa ng *saláh*: lumilitaw ang braso nila o ang bahagi nito at ganoon din ang paa, at baka pati pa ang bahagi ng binti; kaya ang kanilang *saláh* ba ay tanggap kung ganoon?

**Sagot**: Tungkulin ng babaeng Muslim na *mukallaf* na balutin ang kanyang buong katawan kapag nagsasagawa ng *saláh* maliban sa mukha at mga palad sapagkat siya sa kabuuan niya ay *'awrah*.[7] Kaya kung nagsagawa siya ng *saláh* at may lumitaw na anuman sa *'awrah* niya gaya ng binti o paa o buhok o bahagi nito, hindi magiging tanggap ang *saláh* niya dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi tatanggapin ni Allah ang saláh ng babaeng dinatnan na ng regla kung hindi natatakpan ng belo."*** Itinala ito ni Imám Ahmad. Ang ang ibig sabihin ng ***"babaeng dinatnan na ng regla"*** ay "babaeng nasa wastong gulang na." At dahil ang sabi rin ng Propeta (SAS): ***"Ang babae ay 'awrah."*** At dahil rin sa isinalaysay ni Abú Dáwud, kaawaan siya ni Allah, ayon kay Umm Salamah (RA), na ayon naman sa Propeta, na nang tinanong nito ang Propeta (SAS) tungkol sa isang

[7] Ang bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng taong hindi kaanu-ano.

babaeng nagdarasal nang nakasuot ng pang-itaas na at belo nang walang tapis ay nagsabi siya: ***"Kapag ang pang-itaas na damit ay mahaba na nakatatakip sa ibabaw ng mga paa niya [ay walang masama]."*** Kung may lalaking hindi kaanu-ano, kailangang takpan din niya ang mukha niya at ang mga kamay niya.

**8.** Kapag huminto ang regla ng babae sa oras ng '*asr* o '*ishá'*, isasagawa ba niya ang *dhuhr* kasama ng *'asr* o ang *'ishá'* kasama ng *maghrib* yayamang ang mga *saláh* na ito ay naipagsasama?[8]

**Sagot**: Kapag huminto ang regla ng isang babae[9] o ang *nifás*[10] niya sa oras ng '*asr*, kailangan niyang isagawa na magkasama ang *saláh* sa *dhuhr* at ang *saláh* sa '*asr* ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas ng Islam sapagkat ang oras ng dalawang *saláh* na ito ay iisa para sa taong may dahilang ipagsama ang mga *saláh* gaya ng may-sakit at naglalakbay. Ang babaeng nabanggit ay may dahilan ding ipagsama ang mga *saláh* dahil sa pagkahuli

[8] Ganito ang pagsasama ng *saláh*: isasagawa muna ang *saláh* sa *dhuhr* bago ang *saláh 'asr* sa oras ng alin man sa dalawang *saláh* na ito at ang *saláh* sa *maghrib* bago ang *saláh* sa *'ishá'* sa oras ng alin man sa dalawang nabanggit na *saláh*.

[9] Kapag huminto ang regla ng isang babae ay kailangang maligo siya sa lalong madaling panahon bago magsagawa ng *saláh* o makipagtalik sa asawa.

[10] Ang *nifás* ay ang dugong inilalabas ng sinapupunan bago o habang o matapos magsilang hanggang sa ika-40 araw matapos magsilang. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa *nifás*, mangyari po lamang na sumangguni sa ating aklat na pinamagatang: *Isang Aklat Para sa Babaeng Muslim*.

ng paghinto ng kanyang regla. Ganoon din naman kung huminto ang regla sa oras ng *saláh* sa ‘*ishá’*, kailangan ding isagawa nang magkasama ang *saláh* sa *maghrib* at ‘*ishá’*. Nagpayo rin ng ganoon ang isang pangkat ng mga *Sahábah* (RA).

**9.** Marami sa mga manggagawa ang nagpapaliban sa *saláh* sa *dhuhr* at ‘*asr* hanggang sa gumabi. Binibigyang-dahilan nila iyon na sila raw ay abala sa kanilang mga gawain o na ang kanilang damit ay may *najásah*[11] o hindi malinis; kaya ano po ang maipapayo ninyo sa kanila?

**Sagot**: Hindi ipinahihintulot para sa lalaki o babaeng Muslim na ipagpaliban ang pagsasagawa ng *saláh* na *fard* sa takdang oras nito. Sa halip, tungkulin ng bawat lalaki at babaeng Muslim na kabilang sa mga *mukallaf* na isagawa ang *saláh* sa takdang oras nito sa abot ng kakayahan.

Ang trabaho ay hindi katanggap-tangap na dahilan upang ipagpaliban ang *saláh* at gayon din ang *najásah* at ang karumihan sa damit. Lahat ng iyon ay hindi katanggap-tanggap na dahilan.

---

[11] *Najásah* ang mga sumusunod: (1) ang dugo, (2) ang dumi at ang ihi ng tao, ang ihi, ang nana, at ang suka, (3) ang dumi at ang ihi ng hayop na ipinagbabawal ng Islam na kainin, (4) ang *madhy*: likidong malinaw na kadalasan ay lumalabas sa ari sanhi ng pagnanasang seksuwal, (5) ang *wady*: likidong malapot na lumalabas sa ari na maaaring lumabas pagkatapos umiihi o kapag may karamdaman.

Ang mga oras ng *saláh* ay kailangang walang trabaho at inoobliga ang isang manggagawa pagsapit ng oras ng *saláh* na hugasan ang bahagi ng damit niya na may *najásah* o pang damit na malinis. Ang dumi ay hindi hadlang sa pagsasagawa ng *saláh* kapag ang duming iyon ay hindi mula sa mga *najásah* o hindi nagtataglay ng masamang amoy na nakapipinsala sa ibang mga nagsasagawa ng *saláh*. Kung ang dumi mismo o ang amoy nito ay nakapipinsala [sa iba pang mga nagsasagawa ng *saláh*], kailangang hugasan iyon o palitan ng damit na malinis bago magsagawa ng *saláh* upang maisagawa niya ang *saláh* kasama ng *jamá'ah*.

Ipinahihintulot sa taong may katanggap-tanggap na dahilan, gaya ng may-sakit o naglalakbay, na pagsamahin ang *saláh* sa *dhuhr* at ang *saláh* sa *'asr* sa oras ng alin man sa dalawang *saláh* na ito at na pagsamahin ang *maghrib* at *'ishá'* sa oras ng alin man sa dalawang ito. Nasasaad din sa *Hadíth* na maaaring pagsamahin ang mga *saláh* kung may ulan at baha at mahirap para sa mga tao na isagawa nang isa-isa ang bawat *saláh*.[12]

[12] Ang pagsasama ng mga *saláh* kapag may ulan o baha ay ipinahihintulot lamang sa mga taong nasa masjid. Isinasagawa ang pagsasama ng mga *saláh* sa *jamá'ah*. Ang taong nasa loob ng kanyang tahanan ay hindi pinahihintulutang pagsamahin ang mga *saláh* kahit pa may ulan o baha dahil hindi mahirap para sa kanya na isagawa nang hiwalay ang mga *saláh*. Tingnan ang sagot sa tanong bilang 53.

**10.** Ang sinumang nakakita ng *najásah* matapos na magsagawa ng *taslím* sa kanyang *saláh* ay uulitin pa ba niya ang kanyang *saláh*?

**Sagot**: Ang sinumang nagsagawa ng *saláh* samantalang ang katawan niya o ang kasuutan niya ay may *najásah* at napag-alaman lamang ang tungkol dito matapos maisagawa ang *saláh*, ang *saláh* niya ay tanggap ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas ng Islam. Gayon din kung nalaman na niya noong una pa [na ang kasuutan o ang damit ay may *najásah*] ngunit nakalimutan niya ito noong oras na ng *saláh* at naalaala lamang pagkatapos ng *saláh*, ang *saláh* niya ay tanggap pa rin dahil ang sabi ni Allah [sa isang panalanging itinuro Niya]: **"Panginoon namin, huwag Mo po kaming parusahan kung nakalimot kami o nagkamali kami;…"** (2:286). Kaya nagsabi naman si Allah: **"Ginawa ko na."** Nabanggit sa isa pang *Hadíth* na isang araw noong nagdarasal ang Propeta (SAS) samantalang ang sapin niya sa paa ay may *najásah* ay ibinalita sa kanya ni Jibríl (AS) ang tungkol doon. Hinubad niya ang sapin at nagpatuloy sa *saláh* niya at hindi na niya inulit ito. Ito ay kaluwagan at awa ni Allah sa mga lingkod Niya.

Ang sinumang nagsagawa ng *saláh* na nakalimot na magsagawa ng *wudú'*, uulitin niya ang *saláh* ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi tinatanggap ang saláh***

***na walang wudú' at ang kawanggawa na galing sa nakaw."*** Ang *Hadíth* na ito ay nasa Sahíh Muslim. At dahil ang sabi pa niya (SAS): ***"Hindi tatanggapin ang saláh ng sinuman sa inyo kapag nasira na ang wudú' hangga't hindi [muling] nakapagsagawa ng wudú'."***

**11.** Maraming sa tao sa ngayon ang nagpapabaya sa *saláh* at ang iba sa kanila ay tuluyan nang hinintuan ang pagsasagawa nito; kaya ano po ang hatol sa mga iyon? At ano po ang tungkulin ng isang Muslim para sa kanila at lalong-lalo na ang kanyang mga kamag-anak gaya ng ama, anak, asawa at iba pa?

**Sagot**: Ang pagpapabaya sa *saláh* ay kabilang sa mga malaking kasalanan at kabilang rin sa mga katangian ng mga *Munáfiq* (nagpapanggap na Muslim). Nagsabi si Allah: **"Tunay na ang mga nagkukunwaring sumampalataya ay nagtatangkang linlangin si Allah ngunit Siya ang lumilinlang sa kanila. Kapag tatayo sila para sa pagdarasal, tumatayo sila bilang mga tamad na nagpapakita lamang sa mga tao; at hindi nila naaalaala si Allah kundi madalang."**(4:142). Nagsabi naman Siya hinggil sa katangian nila: **"Walang humadlang sa kanila na matanggap mula sa kanila ang mga ginugol nila kundi dahil sila ay tumangging sumampalataya kay Allah at sa Sugo Niya, hindi pumupunta sa dasal kundi habang sila ay patamad-tamad, at hindi gumugugol kundi habang sila ay**

**naghihinakit.”**(9:54). Sinabi naman ng Propeta (SAS): ***“Tunay na ang pinakamabigat na saláh para sa mga Munáfiq ay ang saláh sa ‘ishá’ at ang saláh sa fajr. Kung nalalaman lamang nila ang nakalaan [na gantimpala] sa dalawang ito ay talagang dadaluhan nila ang dalawang ito, kahit pa man pagapang.…”*** Napagkaisahan ang katumpakan ng *Hadíth* na ito. Kaya tungkulin ng bawat Muslim at Muslimah na pamalagiin ang pagsasagawa ng limang *saláh* sa mga takdang oras ng mga ito at na isagawa ang mga ito nang may kapanatagan, malasakit, kataimtiman, at konsentrasyon dahil ang sabi ni Allah: **“Nagtagumpay nga ang mga mananampalataya na sa pagdarasal nila ay nagpapakumbaba.”**(23:1-2). At yayamang napagtibay na siya (SAS) ay nag-utos sa isang hindi pinagbuti ang pagsagawa ng *saláh*, dahil hindi ito napapanatag sa sandali [ng pagsasagawa] niyon, na ulitin iyon. Tungkulin ng mga kalalakihan, higit kaninuman, na panatiliin ang pagsasagawa ng *saláh* sa *jamá‘ah* kasama ng mga kapatid nila sa pananampalataya, sa mga bahay ni Allah, ang mga masjid, sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***“Ang sinumang makarinig ng panawagan [sa saláh] at hindi pumunta [sa dasalan], walang saláh para sa kanya maliban kung may tanggap na dahilan.”*** Ang *Hadíth* na ito ay itinala nina Imám Ibnu Májah, Imám ad-Dáruqutní, Imám Ibnu Hibbán at Imám al-Hákim.

Tinanong si Ibnu ‘Abbás (RA) kung ano ang tanggap na dahilan. Nagsabi siya: “Takot o karamdaman.” Nasasaad naman sa isang *Hadíth* sa Sahíh Muslim ayon kay Abú Hurayrah (RA) na ayon sa Propeta (SAS), na may pumunta sa kanya na isang lalaking bulag at nagsabi: “O Sugo ni Allah, wala po akong taga-akay na aakay sa akin patungo sa masjid; kaya ako po ba ay may kapahintulutan na magsagawa ng *saláh* sa bahay ko?” Binigyan niya (SAS) ito ng kapahintulutan ngunit pagkatapos [nang nakaalis na ito] ay tinawag niya ito at nagsabi siya: ***“Naririnig mo ba ang panawagan para sa saláh?”*** Nagsabi ito: “Opo.” Nagsabi siya: ***“Kung gayon, tugunin mo.”***[13] Sa isang *Hadíth* na nasa *Sahíhayn* ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“…[Minsan ay] talagang ngang nagbalak akong mag-utos na isagawa ang saláh, kaya isasagawa ang iqámah. Pagkatapos ay mag-uutos ako sa isang lalaki upang mamuno sa mga tao sa saláh. Pagkatapos ay lilisan ako, nang may kasamang ilang mga lalaki na may dalang mga bigkis ng panggatong, patungo sa mga taong hindi dumadalo sa saláh at susunugin ko sa kanila ang mga bahay nila.”*** Ang mga *Hadíth* na ito ay nagpapakitang ang *saláh* sa *jamá‘ah* ay isa sa mahalagang tungkulin para sa mga kalalakihan at ang

[13] Ang ibig niyang sabihin ay: Pumunta ka sa Masjid at doon isagawa ang *saláh*.

hindi tumutupad sa tungkuling ito ay karapat-dapat sa kaparusahan.

Idinadalangin natin kay Allah na Kanyang pabutihin nawa ang mga kalagayan ng lahat ng Muslim at na pagkalooban Niya sila ng patnubay sa anumang ikinalulugod Niya.

Tungkol naman sa lubusang pagtalikod sa pagsasagawa ng *saláh* at kahit sa ilang mga pagkakataon, ito ay isang malaking kawalang-pananampalataya at kahit hindi man ikaila na ang *saláh* ay *fard*. Walang pagkakaiba kung ang tumalikod sa pagsasagawa ng *saláh* ay isang lalaki o isang babae dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang nasa pagitan ng tao at kawalang-pananampalataya at shirk ay ang pagtalikod sa saláh."*** Itinala ito ni Imám Muslim. At dahil ang sabi pa ng Propeta (SAS): ***"Ang kasunduang nasa pagitan natin at nila ay ang saláh; kaya ang sinumang tumalikod dito ay nawalan na ng pananampalataya."*** Marami pa ang mga *Hadíth* tungkol dito.

Tungkol naman sa sinumang nagkaila sa pagiging *fard* ng *saláh*, maging lalaki man o babae, siya ay nakagawa ng malaking kawalang-pananampalataya ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam, kahit pa man nagsasagawa rin siya ng *saláh*. Kaya hinihiling natin kay Allah ang pangangalaga para sa atin at parsa lahat ng mga Muslim laban doon; tunay na Siya ay pinakamainam hilingan.

Ang tungkulin ng lahat ng Muslim ay ang magpayo at ang magtagubilin sa isa't isa sa katotohanan at ang magtulungan sa kabutihan at sa pangingilag sa pagkakasala. Kabilang doon ang pagpapayo sa lumiliban sa *saláh* sa *jamá'ah* o sa nagpapabaya sa *saláh* kaya naman hindi na ito naisasagawa kung minsan, at ang pagbibigay-babala sa kanya laban sa galit at parusa ni Allah. Tungkulin ng kanyang ama, kanyang ina, kanyang mga kapatid, at kasambahay niya na pagpayuhan nila siya at na magpapatuloy sila sa pagpayo hanggang sa patnubayan siya ni Allah at magpakatuwid siya. Gayon din sa mga babaeng nagpapabaya at huminto sa pagsasagawa ng *saláh*, ang tungkulin ay ang pagpapayo sa kanila, ang pagbibigay-babala sa kanila laban sa galit at parusa ni Allah, ang pagpapatuloy sa pagpayo, ang paglayo sa sinumang hindi sumusunod at ang pagpaparusa rito ng naaangkop na disiplina kung iyon ay magagawa sapagkat ito ay bahagi ng pagtutulungan sa kabutihan at pangingilag sa pagkakasala at bahagi ng pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama na isinatungkulin ni Allah sa mga lingkod Niya na lalaki at babae. Ito ay sapagkat ang sabi ni Allah: **"Ang mga lalaking mananampalataya at ang mga babaeng mananampalataya ay mga tagatangkilik ng isa't-isa. Ipinag-uutos nila ang nakabubuti at sinasaway nila ang nakasasama, pinangangalagaan nila ang Pagdarasal, ibinibigay nila ang zakáh, at tumatalima sila kay Allah at sa Sugo Niya. Ang mga iyon ay**

**kaaawaan sila ni Allah. Tunay na si Allah ay Makapangyarihan, Marunong.”**(9:71). At sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***“Utusan ninyo ang mga anak ninyo na magsagawa ng saláh kapag pitong taon na, paluin ninyo sila dahil doon kapag sampung taon na, at paghiwalayin sila***[14] ***sa mga higaan.”*** Kung ang mga batang lalaki at ang mga batang babae nga ay inuutusang magsagawa ng *saláh* kapag pitong taong gulang na at papaluin sila sa hindi pagsasagawa nito kapag sampung taon na, samakatuwid ang mga nasa hustong gulang ay lalong higit na kailangang atasang magsagawa ng *saláh* at nararapat parusahan kapag hindi nila ito isinasagawa sa kabila ng patuloy na pagpayo. Ang pagtatagubilinan sa pagtataguyod ng katotohanan at ang pagtitiis alang-alang dito ay isang tungkulin batay sa sinabi ni Allah: **“Sumpa man sa panahon,**[15] **tunay na ang tao ay nasa kapahamakan, maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga matutuwid at nagpayuhan na sumunod sa katotohanan at nagpayuhan na magtiis.”**(103:1-3).

Ang sinumang huminto sa pagsasagawa ng *saláh* matapos na sumapit sa wastong gulang (matapos maging *mukallaf*) at hindi tinanggap ang payong magsagawa ng

---

[14] Huwag pagtabihin sa higaan ang magkapatid na lalaki at babae.

[15] Si Allah ang nanunumpa. Karapatan ni Allah na manumpa sa alin man sa mga nilikha Niya ngunit ang tao ay hindi pinahihintulutang sumumpa sa iba kay Allah.

*saláh*, isasampa ang kaso niya sa hukuman ng *Sharí'ah* upang hilingin sa kanya na magsisi sa hindi pagsagawa ng *saláh*. Kung magsisisi siya, iyon ay mabuti para sa kanya; at kung hindi, hahatulan siya ng nauukol sa kanya. Idinadalangin natin kay Allah na pabutihin Niya nawa ang mga kalagayan ng mga Muslim, na pagkalooban Niya nawa sila ng pang-unawa sa Relihiyon, at na patnubayan Niya nawa sila sa pagtutulunganan sa kabutihan at pangingilag sa pagkakasala, pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, pagtatagubilinan sa pagsunod sa katotohanan at pagkakaroon ng pagtitiis alang-alang dito. Tunay na Siya ay bukas-palad, mapagbigay.

**12.** Dumaranas ang ilang tao, dahil sa mga sakuna sa mga sasakyan at mga gaya nito, ng pagkaalog ng utak o pagkawala ng malay sa loob ilang araw; kaya tungkulin po ba nila na magsagawa ng *qadá'* kapag nagkamalay na sila?

**Sagot**: Kung ang itinagal ng pagkawala ng malay ay maikling panahon, halimbawa ay tatlong araw o mababa pa, kailangang magsagawa ng *qadá'* sapagkat ang pagkawala ng malay sa loob ng nabanggit na panahon ay nakahahawig ng pagkatulog kaya naman hindi mapipigilan ang pagsasagawa ng *qadá'*. Naisalaysay mula sa isang pangkat ng *Sahábah* (RA) na sila ay dinapuan ng ilang pagkawala ng malay sa loob ng panahong mababa sa tatlong araw at nagsagawa sila ng

*qadá'*. Subalit kung ang itinagal ng pagkawala ng malay ay higit doon, hindi na magsasagawa ng *qadá'* sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Inangat ang panulat sa tatlo:***[16] ***sa natutulog hanggang sa magising, sa bata hanggang sa sumapat ang gulang, at sa baliw hanggang sa tumino."*** Ang nawalan ng malay sa nabanggit na panahon ay nakahahawig ng baliw dahil sa lubos na pagkawala ng pag-iisip. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**13.** Marami sa mga may-sakit ang nagpapabaya sa pagsasagawa ng *saláh* at nagsasabing: "Kapag gumaling na ako ay magsasagawa ako ng *qadá'*." Ang iba naman sa kanila ay nagsasabi: "Papaano akong makapagsasagawa ng *saláh* samantalang hindi ko makayang magsagawa ng *tahárah* ni maglinis mula sa *najásah*?" Kaya ano po ang inyong maipapayo sa mga ito?

**Sagot**: Ang sakit ay hindi makapipigil sa pagsasagawa ng *saláh* dahil sa pagdadahilan na kawalan ng kakayahan na magsagawa ng *tahárah* hangga't hindi pa nawawala ang katinuan. Sa halip, tungkulin pa rin ng isang may-sakit na magsagawa ng *saláh* sa abot ng kakayahan niya at na magsagawa ng *tahárah* kung makakaya niya iyon. Ngunit kung hindi niya magawang gumamit ng tubig ay

[16] Ibig sabihin ay hindi itinatala ng mga anghel ang kanilang gawa kaya hindi sila pananagutin sa Kabilang-buhay sa anumang nagawa nila.

magsasagawa siya ng *tayammum* at saka magsagawa ng *saláh*. Huhugasan niya ang *najásah* sa katawan niya at kasuutan niya sa oras ng *saláh* o papalitan niya ang kasuutan na may *najásah* ng malinis na kasuutan sa oras ng *saláh*. Kung hindi niya makayang hugasan ang *najásah* o palitan ang kasuutang may *najásah* ng kasuutang malinis, hindi na niya kailangang gawin iyon at magsasagawa siya ng *saláh* anuman ang kalagayan niya dahil ang sabi ni Allah: **"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,…"**(64:16). At sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos ay isagawa ninyo ito sa abot ng makakaya ninyo."*** Ang *Hadíth* na ito ay napagkaisahan ang katumpakan. At sapagkat ang sabi pa niya (SAS) kay 'Imrán ibnu Husayn (RA) nang idinaing nito ang karamdaman sa kanya: ***"Magdasal ka na nakatayo; at kung hindi mo makakaya ay [isagawa] na nakaupo; at kung hindi mo makakaya ay [isagawa] na nakahigang patagilid."*** Ang *Hadíth* na ito ay nasa Sahíh al-Bukhárí. Sa ibang *Hadíth* ay ito ang idinagdag: ***"…at kung hindi mo makakaya ay [isagawa] na nakatihaya."***

**14.** Magsasagawa ba ng *qadá'* para sa *saláh* ang isang taong sadyaang tumalikod sa pagsasagawa nito kapag pinatnubayan na siya ni Allah sa pagbabalik-loob?

**Sagot**: Hindi siya inoobligang magsagawa ng *qadá'* para sa *saláh* kung sadyaang tinalikdan niya ang pagsasagawa nito ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas sapagkat ang sadyaang pagtalikod niya sa pagsasagawa ng *salíh* ay siyang nagtitiwalag sa kanya sa saklaw ng Islam at siyang naglalagay sa kanya sa bakuran ng mga Káfir. Ang isang Káfir ay hindi magsasagawa ng anumang pagsambang hindi niya naisagawa noong panahon ng kawalang-pananampalataya dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang nasa pagitan ng tao at ng kawalang-pananampalataya at shirk ay ang pagtalikod sa saláh."*** Ang *Hadíth* na ito ay isinalaysay ni Imám Muslim ayon kay Jábir ibnu 'Abdulláh (RA). At dahil ang sabi pa niya (SAS): ***"Ang kasunduang nasa pagitan natin at nila ay ang saláh; kaya ang sinumang tumalikod dito ay nawalan na ng pananampalataya."*** Ang *Hadíth* na ito ay itinala ni Imám Ahmad ibnu Hanbal ayon kay Buraydah ibnu Hasíb (RA). At sapagkat ang Propeta (SAS) ay hindi nag-utos sa mga dating Káfir na nagsiyakap sa Islam na magsagawa ng *qadá'* sa mga hindi nila naisagawang *saláh*. Ganoon din ang mga *Sahábah* niya (RA), hindi nila inatasan ang mga *Murtadd* (tumalikod sa Islam), nang ang mga ito ay magbalik sa Islam, na magsagawa ng *qadá'*. Ngunit kung magsasagawa ng *qadá'* ang taong sadyaang tumigil sa pagsasagawa ng *saláh*, walang masama sapagkat ay pag-iingat at pag-iwas na masalungat ang sinumang [pantas ng Islam] na nagsabing hindi nagiging Káfir ang isang

Muslim kapag hindi niya ikinaila na tungkuling magsagawa ng *saláh*. Ito ang pahayag ng nakararami sa mga pantas ng Islam. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**15.** Nagsasabi ang ilang mga tao na kapag hindi nakapagsagawa ng *adhán* sa umpisa ay hindi na kailangang magsagawa ng *adhán* sapagkat ang *adhán* ay ang pagbibigay-alam sa pagsapit ng oras ng *saláh*; kaya ano po ang pahayag ninyo hinggil dito? Itinatagubilin pa po ba ang pagsasagawa ng *adhán* para sa taong nag-iisa sa ilang?

**Sagot**: Kapag hindi nagsagawa ng *adhán* ang *mu'adhdhin* sa simula pa lamang, hindi na itinatagublin para sa kanya na magsagawa ng *adhán* pagkatapos niyon kapagka sa lugar ding iyon ay may mga *mu'adhdhin* bukod pa sa kanya, na sa pamamagitan nila ay natupad ang hinihiling na pagsasagawa ng *adhán*. Kung ang pagkahuli [sa pagsasagawa ng *adhán*] ay hindi naman gaanong matagal, walang masama na isagawa ito. Ngunit kung sa naturang pook ay wala nang iba [*mua'dhdhin*] maliban sa kanya, siya ay inoobligang magsagawa ng *adhán* kahit pa man nahuli nang ilang mga sandali dahil ang pagsagawa ng *adhán* sa pagkakataong ito ay *fard kifáyah*[17] at wala namang iba pa sa kanya na

[17] Isang tungkulin ng isang kalipunan ng mga Muslim na kapag isinagawa ng isa o ilan sa kanila, silang lahat ay hindi na pananagutin ni Allah. Subalit kung

magsasagawa nito kaya kailangan niyang isagawa ito dahil siya ang mananagot niyon at dahil ang mga tao ay malamang na naghihintay sa kanya.

Tungkol naman sa isang *musáfir*, itinatagubilin para sa kanya na magsagawa ng *adhán* kahit nag-iisa siya sapagkat napagtibay sa isang *Hadíth* ayon sa sinabi ni Abú Sa‘íd (RA) sa isang lalaki: “Kapag ikaw ay nasa iyong mga tupa sa kinaroroonan mo sa ilang, lakasan mo ang iyong tinig sa panawagan [sa *saláh*] sapagkat walang *jinní* o tao maging ano pa man na nakarinig sa narating ng tinig ng *mu‘adhdhin* na hindi sasaksi para sa kanya sa araw ng paghuhukom.”

**16.** Itinatagubilin ba para sa mga babae na magsagawa ng *adhán* at *iqámah*, maging sila man ay nasa pinaninirahang bayan o nasa paglalakbay, na mga nag-iisa o magkakasama?

**Sagot**: Hindi itinatagubilin para sa mga babae na magsagawa ng *adhán* o *iqámah*, maging sila man ay nasa pinaninirahang bayan o nasa paglalakbay. Ang pagsasagawa ng *adhán* at *iqámah* ay kabilang sa mga gawaing laan lamang sa mga kalalakihan gaya ng ipinakikita ng mga *Hadíth* na *sahíh* buhat sa Sugo ni Allah (SAS).

---

wala ni isa man sa kanila na nagsagawa niyon, magkakasala at mananagot silang lahat.

**17.** Kapag nakalimutan ang *iqámah* at nagsagawa ng *saláh* [nang walang *iqámah*], makaaapekto ba iyon sa *saláh* na ito na isinagawa ng isang tao o ng isang *jamá'ah*?

**Sagot**: Kapag nagsagawa ng *saláh* ang isang tao o ang isang *jamá'ah* nang walang *iqámah*, ang *saláh* ay tanggap pa rin ngunit ang sinumang nakagawa niyon ay kailangang humingi ng tawad kay Allah. Ganoon din naman kung sakaling nagsagawa ng *saláh* nang walang *adhán*, ang *saláh* ay tanggap pa rin sapagkat ang pagsasagawa ng *adhán* at ng *iqámah* ay ilan lamang sa mga *fard kifáyah* at ang dalawang ito ay hindi bahagi ng *saláh*.

Ang hindi nagsagawa ng *adhán* at *iqámah* ay kailangang humingi ng tawad kay Allah dahil doon sapagkat magkakasala ang lahat kapag hindi naisagawa ang mga *fard kifáyah* at hindi magkakasala ang lahat kapag naisagawa ito ng ilan sa kanila. Ang *adhán* at *iqámah* ay kabilang sa mga *fard kifáyah*. Kapag isinagawa ang dalawang ito ng sinumang may kakayahan, hindi na tungkulin ng lahat na isagawa ito at hindi na magkakasala ang lahat; maging sila man ay nasa pinaninirahan o nasa paglalakbay, maging sila man ay nasa mga nayon, mga bayan at lunsod, o mga ilang. Hinihiling natin kay Allah na ipagkaloob sa lahat ng mga Muslim ang patnubay sa ikinalulugod Niya.

**18.** Marami sa mga kapatid sa Islam ay mahigpit sa paggamit ng *sutrah* kaya naman naghihintay pa sila na magkaroon ng *sutrah* kapag nasa loob ng masjid at kapag hindi nakikta ng isang bakanteng haligi. Pinupuna nila ang nagsasagawa ng *saláh* na walang *sutrah*.[18] Ang iba naman ay nagwawalang-bahala sa *sutrah*. Kaya ano po ba ang tama roon? Ang guhit po ba ay maaaring ipamalit sa *sutrah* kapag wala ito? At may nasasaad po bang batayan na magpapatunay roon?

**Sagot**: Ang pagsasagawa ng *saláh* na nakaharap sa *sutrah* ay isang *sunnah mu'akkadah*[19] at hindi *fard*. Kaya nama kung hindi nakakita ng anumang nakatayo, makasasapat na sa kanya ang guhit. Ang patunay sa binanggit natin ay ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag nagsagawa ng saláh ang sinuman sa inyo ay magsagawa siya ng saláh na nakaharap sa sutrah at lumapit siya rito."*** Ang *Hadíth* na ito ay isinalaysay ni Imám Abú Dáwud. Ang sabi pa ng Propeta (SAS): ***"Kapag nagsagawa ng saláh ang sinuman sa inyo ay maglagay siya sa dakong hinarapan niya ng anumang bagay. Kung wala siyang makita ay magtusok siya ng isang patpat [sa harap niya]. Ngunit kung wala siyang makitang [patpat] ay gumuhit siya ng isang guhit [sa***

---

18 Ang *sutrah* ay ang kahit anog bagay na nakalagay o inilalagay sa harap ng nagsasagawa ng *saláh* upang magsilbing hadlang sa sinumang direktang daraan malapit sa pinapatirapaan.

19 Gawaing binigyan ng lubos na pagpapahalaga ng Propeta (SAS).

***harap niya] at pagkatapos ay hindi na siya magagambala ng sinumang dadaan sa harap niya."*** Ang *Hadíth* na ito ay itinala nina Imám Ahmad ibnu Hanbal at Imám Ibnu Májah. Napagtibay din sa ibang *Hadíth* na siya ay nagsagawa ng *saláh*, sa ilang mga pagkakataon, na hindi nakaharap sa *sutrah*; kaya nagpapahiwatig ito na ang *sutrah* ay hindi *fard*. Hindi na ito kinakailangan sa *saláh* sa al-Masjid al-Harám dahil ang nagdadasal doon ay hindi na kailangan na humarap sa *sutrah* dahil napagtibay mula kay Ibnu az-Zubayr (RA) na siya noon ay nagsasagawa ng *saláh* sa al-Masjid al-Harám na hindi nakaharap sa *sutrah* samantalang ang mga nagsasagawa ng *tawáf* ay nasa harapan niya. Karagdagan pa rito, ang al-Masjid al-Harám ay isang lugar na kadalasang inaasahang magkakaroon ng siksikan at hindi magagawang hadlangan ang pagdaan sa harap ng isang nagsasagawa ng *saláh* kaya inalis na ang pagtatagubilin niyon batay nga sa naunang nabanggit na. Hindi na rin kailangan iyon sa al-Masjid an-Nabawí sa Madínah sa sandali ng siksikan at gayon din sa mga pook na may siksikan, bilang pagsunod sa sinabi ni Allah: **"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,…"** (64:16) at sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos ay isagawa ninyo ito sa abot ng makakaya ninyo."*** Si Allah ang tagakaloob ng patnubay.

**19.** Nakikita naming marami sa mga tao ang nagpapatong ng mga kamay sa ilalim ng pusod. Ang mga iba naman ay nagpapatong ng mga kamay sa dibdib at mariin nilang tinutuligsa ang nagpapatong ng mga ito sa ilalim ng pusod. Ang mga iba pa ay nagpapatong ng mga ito sa ilalim ng balbas at ang iba pa ay nakababa ang mga kamay. Ano po ang tama hinggil doon? Patnubayan po kayo ni Allah.

**Sagot**: Ipinakikita ng tunay na *sunnah* na ang pinakamainam para sa nagsasagawa ng *saláh* sa sandali ng pagkakatayo niya sa *saláh* ay na ipatong niya ang kanang palad niya sa kaliwang kamay na nakapatong naman sa dibdib niya, bago at pagkatapos yumukod. Napagtibay iyon mula sa *Hadíth* na isinalaysay ni Wá'il ibnu Hijr at Qabísah ibnu Halab at-Tá'í ayon sa ama niya (RA) at napatotohan din ng ipinahihiwatig ng *Hadíth* na isinalaysay ni Sahl ibnu Sa'd as-Sá'idí (RA). Tungkol naman sa pagpapatong ng mga kamay sa ilalim ng pusod, ang tungkol dito ay nabanggit ng isang *Hadíth* na *da'íf* (mahina kaya naman hindi mapaniniwalaan o mapagbabatayan) ang tungkol dito na diumano'y isinalaysay ni 'Alí ibnu Abí Tálib (RA). Tungkol naman sa pagbababa ng mga kamay o paglalagay sa ilalim ng balbas, ito ay salungat sa *sunnah*. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**20.** Marami sa mga kapatid sa Islam ang nagpapahalaga sa pag-upo na tinatawag na *jalsatul istiráhah*[20] at pinupuna ang hindi umuupo nang ganito; kaya ano po ang hatol dito? Itinatagublin po ba ito para sa *imám* (namumuno sa *saláh*) at *ma'múm* (taong png *imám* sa *saláh*) kung papaanong itinatagubilin ito para sa *munfarid* (mag-isang nagsasagawa ng *saláh*).

**Sagot**: Ang *jalsatul istiráhah* ay kanais-nais para sa *imám*, *ma'múm*, at *munfarid*. Ito ay kauri ng pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa. Ito ay dagliang pag-upo na hindi itinatagubilin dito ang pagbigkas ng *dhikr* o *du'á'*. Ang sinumang hindi maupo nang ganito ay walang pagkakasala. Ang mga *Hadíth* hinggil sa pag-upong ito ay napagtibay mula sa Propeta (SAS) gaya ng *Hadíth* na isinalaysay nina Málik ibnu al-Huwayrith at Abú Hamíd as-Sá'idí at ng isang pangkat ng *Sahábah* (RA). Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**21.** Papaanong isasagawa ng isang Muslim ang *saláh* sa loob ng eroplano? At ang pinakamainam ba para sa kanya ay ang isagawa ang *saláh* sa simula ng oras nito [habang lulan ng eroplano] o ang maghintay hanggang sa

---

[20] Ang dagliang pag-upo matapos ang ikalawang pagpapatirapa sa unang *rak'ah* at ikatlong *rak'ah* ng mga *saláh* na may apat na *rak'ah* at matapos ang ikalawang pagpapatirapa ng unang *rak'ah* sa *saláh* na may tatlo o dalawang *rak'ah*.

makarating sa paliparan kung makararating siya [roon] sa huling bahagi ng oras nito?

**Sagot**: Ang tungkulin ng isang Muslim na lulan ng eroplano ay na kapag sumapit ang oras ng *saláh* ay isasagawa niya ito doon sa abot ng kanyang makakaya. Kung magagawa niya na magsagawa ng *saláh* na nakatayo, na yumukod at na magpatirapa, gagawin niya iyon. At kung hindi naman niya makakaya ay magsasagawa siya ng *saláh* na nakaupo at ipahihiwatig niya ang pagyukod at ang pagpapatirapa (sa pamamagitan ng pagyuko ng ulo at pagyukod ng katawan). Kung makakita siya ng isang lugar sa eroplano na maaari siyang tumayo at magpatirapa sa sahig sa halip na ipahiwatig ang mga kilos na ito, kailangang isagawa niya ang *saláh* doon dahil ang sabi ni Allah: **"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,…"** (64:16) at sapagkat ang sabi rin ng Propeta (SAS) kay 'Imrán ibnu Husayn (RA) noong ito ay may sakit: ***"Magdasal ka na nakatayo; at kung hindi mo makakaya ay [isagawa] na nakaupo; at kung hindi mo makakaya ay [isagawa] na nakahigang patagilid."*** Ang *Hadíth* na ito ay nasa Sahíh al-Bukhárí. Sa ibang *Hadíth* ay may ganitong idinagdag: ***"…at kung hindi mo makakaya ay [isagawa mo] na nakatihaya."*** Ang pinakamainam para sa kanya ay na isagawa niya ang *saláh* sa simula ng oras nito. Ngunit kung ipahuhuli niya ang pagsasagawa ng *saláh* hanggang sa huling bahagi ng

oras ng pagsasagawa nito upang isagawa ito sa labas ng eroplano ay wala rin namang masama alinsunod sa pangkalahatang saklaw ng mga patunay. Ang patakaran na ukol sa [nakalulan sa] kotse, tren, at barko ay ang patakarang ukol sa [nakalulan sa] eroplano. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**22.** Marami sa mga tao ang gumagawa ng maraming mga walang kabuluhang galaw at kilos sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh*; kaya mayroon po bang itinakdang bilang ng kilos na nakasisira sa *saláh*? At ang pagtatakda po ba niyon sa tatlong magkakasunod na galaw [na walang kaugnayan sa *saláh*] ay may batayan? Ano po ang maipapayo ninyo sa gumagawa ng maraming walang kabuluhang galaw sa *saláh*?

**Sagot**: Ang tungkulin ng lalaking mananampalataya at babaeng mananampalataya ay ang maging panatag sa pagsasagawa ng *saláh* at ang hindi gumawa ng mga walang kabuluhang galaw sapagkat ang kapanatagan ay bahagi ng saligan ng *saláh* dahil napagtibay sa *Hadíth* na nasa *Sahíhayn* na ayon sa Propeta (SAS) ay inutusan niya ang isang taong hindi napapanatag sa pagsasagawa ng *saláh* na ulitin ang *saláh*. Ang itinatagubilin sa bawat lalaking Muslim at babaeng Muslim ay ang kataimtiman sa *saláh*, ang kasigasigan dito, at ang konsentrasyon sa harap ni Allah dahil ang sabi Niya: **“Nagtagumpay nga ang mga mananampalataya na sa pagdarasal nila ay**

**nagpapakumbaba.”**(23:1-2). *Makrúh* din para sa kanya ang pagkalikot sa damit niya o balbas niya o sa maging anupaman iyon. Kapag dumami na at nagkasunod-sunod [ang mga walang kabuluhang galaw] ay ipinagbabawal na ito ayon sa ating nalalaman mula sa dinalisay na *Sharí‘ah*, at nasisira na rin ang *saláh*. Walang takdang bilang iyon at ang sinasabing pagtatakda sa tatlong galaw ay mahinang pahayag at walang patunay. Ang mapananaligang pahayag sa pagiging marami ng walang kabuluhang galaw ay ang paniniwala ng nagsasagawa ng *saláh;* kaya kapag naniwala ang nagdadasal na ang kanyang walang kabuluhang galaw ay marami at nagkasunod-sunod pa ang mga iyon, kailangang ulitin niya ang *saláh* kung ito ay *fard* at kailangang pagsisihan niya iyon. Ang aking payo sa bawat lalaki at babaeng Muslim ay ang pagpapahalaga sa pagsasagawa ng *saláh*, ang kataimtiman dito, at ang hindi paggawa ng maraming walang kabuluhang galaw sa pagsasagawa nito. [Lalong mainam] kung magiging kaunti iyon alang-alang na lamang sa kadakilaan ng kalagayan ng *saláh*, at sa pagiging ito ay haligi ng Islam, pinakadakilang saligan ng Islam matapos ang *shahádatán*, at ang unang gawa na pananagutan ng tao sa araw ng Pagkabuhay. Patnubayan nawa ni Allah ang mga Muslim sa pagsasagawa ng *saláh* sa paraang ikalulugod Niya.

**23.** Ang pinakamainam po ba ay ang paglalapag muna ng tuhod bago ng mga kamay kapag magpapatirapa o ang

kabaligtaran ay pinakamainam? Paano po pagtutugmain ang dalawang *Hadíth* hinggil dito [na animo'y magkasalungat]?

**Sagot**: Ang *sunnah* para sa nagsasagawa ng *saláh* kapag nais niyang magpatirapa ay na ilapag muna ang mga tuhod niya bago ang mga kamay niya kung kaya niya iyon, ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas, na pahayag ng nakararami sa mga pantas batay sa *Hadíth* na isinalaysay ni Wá'il ibnu Hijr (RA) at batay rin sa iba pang mga *Hadíth* na ganito rin ang kahulugan.

Tungkol naman sa *Hadíth* ayon kay Abú Hurayrah (RA), ito, sa totoo, ay hindi sumasalungat [sa *Hadíth* ayon kay Wá'il] sa halip ay tumutugma pa nga ito roon dahil ang Propeta (SAS) ay nagbawal, sa *Hadíth* na ito, sa pagluhod na gaya ng pagluhod ng kamelyo. Alam na ang sinumang umuna sa mga kamay [sa pagpapatirapa] ay tumulad sa isang kamelyo. Ang sinabi naman sa katapusan ng *Hadíth* na ito: ***"Ilapag niya muna ang mga kamay niya bago ang mga tuhod niya"*** ay malamang na iyon ay pagkakabaliktad na nangyayari sa *Hadíth* na isinalaysay ng ilan sa mga mananalaysay. Ang tama ay na "Ilapag muna ang mga tuhod bago ang mga kamay." Sa pamamagitan nito ay napagtutugma ang mga *Hadíth*, umaayon na ang huling bahagi ng naturang *Hadíth* sa unang bahagi nito at naalis na rito ang pagkakasalungatan. Ang pakahulugang ito ay tinawagan

ng pansin ni Ibnul Qayyim—kaawaan siya ni Allah—sa aklat niya na *Zádul Ma'ád*.

Ang isang walang kakayahang mag-una ng mga tuhod [sa paglapag] sanhi ng karamdaman o katandaan ay hindi masisisi sa pag-una ng mga kamay niya sapagkat ang sabi ni Allah: **"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah hanggang sa makakaya ninyo,…"**(64:16) at ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang anumang ipinagbawal ko sa inyo ay iwasan ninyo at ang anumang ipinag-utos ko sa inyo ay gawin ninyo sa abot ng inyong makakaya."*** Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**24.** Ano po ang pahayag ninyo sa pag-ehem habang isinasagawa ang *saláh*, pag-ihip, at pag-iyak; nakasisira po ba ang mga ito *saláh* o hindi?

**Sagot**: Ang pag-ehem, pag-ihip, at pag-iyak—ang lahat ng mga ito—ay hindi nakasisira sa *saláh* at walang masama roon kung talagang tinatawag ng pangangailangan—ngunit *makrúh* na gawin ang mga ito kung hindi kailangan—sapagkat ang Propeta (SAS) ay umeehem kay 'Alí (RA) kapag humihingi ito ng pahintulot sa kanya habang siya ay nagsasagawa ng *saláh*. Ang pag-iyak naman ay itinatagublin sa *saláh* at sa iba pang pagsamba kung ito ay namutawi sa pagpapakumbaba at debosyon kay Allah at walang halong pagkukunwari. Napagtibay ang sanaysay hinggil sa Propeta (SAS) na siya ay umiiyak sa *saláh*.

Napagtibay rin ang ganoong ulat hinggil kina Abú Bakr, ‘Umar, sa *Sahábah*, (RA) at sa mga tagasunod nila.

**25.** Ano po ang hatol sa pakikipagkamay pagkatapos ng *saláh*? Mayroon po bang pagkakaiba ang [pakikipagkamay matapos ang] *saláh* na *fard* sa [pakikipagkamay matapos ang] *saláh* na *sunnah*?

**Sagot**: Ang pakikipagkamay kapag nagkita ang mga Muslim ay itinatagubilin. Ang Propeta (SAS) ay nakikipagkamay noon sa kanyang *Sahábah* (RA) kapag nakatagpo niya sila at sila naman ay nagkakamayan rin kapag nagkita. Nagsabi sina Anas (RA) at ash-Sha‘bí, kaawaan siya ni Allah: “Ang *Sahábah* ng Propeta (SAS) ay nagkakamayan kapag nagkita sila; kapag dumating naman sila mula sa isang paglalakbay ay nagyayakapan sila.” Napagtibay sa isang *Hadíth* na nasa *Sahíhayn* na si Talhah ibnu ‘Ubaydulláh (RA) na isa sa sampung tao na binalitaang papasok sa Paraiso ay tumayo sa pagtitipon ng Propeta sa masjid nito (SAS) at lumapit kay Ka‘b ibnu Málik (RA), nang pinatawad ito ni Allah, upang makipagkamay rito at batiin ito sa kapatawarang natamo. Ito ay bantog na gawain ng mga Muslim noong kapanahunan ng Propeta (SAS) at noong wala na siya. Napagtibay rin mula sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***“Walang dalawang Muslim na nagkikita at saka nagkakamayan nang hindi nagkakandalagas mula sa kanila ang mga pagkakasala nila gaya ng***

***pagkakandalagas mula sa punong-kahoy ng mga dahon nito."***

Minamabuti rin ang pakikipagkamay kapag nagkikita sa masjid o sa klase. Kapag hindi nagkamayan bago isagawa ang *saláh*, magkamayan pagkatapos alang-alang sa pagtupad sa dakilang *sunnah* na ito sapagkat iyon ay nagiging sanhi ng pagpapatatag ng pagmamahalan at ng pag-aalis ng samaan ng loob. Kung hindi kinamayan ng isang Muslim ang kapwa niya bago nagsagawa ng *saláh* na *fard*, itinatagubilin sa kanya na kamayan niya ito pagkatapos ng *saláh* matapos na bigkasin ang mga itinatagubiling *dhikr*. Tungkol naman sa ginagawa ng ilang tao na kaagad-agad na pakikipagkamayan matapos na isagawa ang *saláh* na *fard* habang sinasabi pa ang ikalawang *assalámu 'alaykum* ay wala akong nalalaman na ito ay may batayan. Datapuwat ang higit na malinaw ay kinaiinisan iyon dahil nga sa kawalan ng patunay roon at dahil ang isang nagsasagawa ng *saláh* ay itinatagubilin para sa kanya sa pagkakataong ito (pagkatapos na pagkatapos ng *saláh*) na magdali-daling bumigkas ng mga itinatagubiling *dhikr*, na ginagawa noon ng Propeta (SAS) matapos magsabi ng *assalámu 'alaykum* sa *saláh* na *fard*. Tungkol naman sa *saláh* na *sunnah*, itinatagubilin ang makipagkamay matapos magsabi ng *assalámu 'alaykum* kapagka hindi nagkamayan bago nagsimula niyon. Subalit kung nagkamayan na bago magsagawa ng *saláh*, makasasapat na iyon.

**26.** May nabanggit po ba hinggil sa pagpapalit ng lugar para magsagawa ng *saláh* na *sunnah* matapos magsagawa ng isang *saláh*?

**Sagot**: Walang nabanggit hinggil doon, ayon sa nalalaman ko, na *Hadíth* na *sahíh*. Subalit si Ibnu ‘Umar (RA) at ang marami sa mga sinaunang Muslim ay gumagawa niyon. Sa usaping ito ay may kaluwagan. May nabanggit hinggil dito na isang *Hadíth* na *da‘íf* sa ganang kay Abú Dáwud—kaawaan siya ni Allah. Ngunit maaaring katigan [ang *Hadíth* na] ito ng ginawa ni Ibnu ‘Umar (RA) at mga sinaunang Muslim. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**27.** Nabanggit [sa isang *Hadíth*] ang paghihikayat sa pagsabi ng [*dhikr* na]: ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír*** nang sampung ulit matapos ang *saláh* sa *fajr* at pagkatapos ng *saláh* sa *maghrib*; kaya ang nabanggit po ba [na *Hadíth*] ay *sahíh*?

**Sagot**: May nabanggit tungkol dito na mga *Hadíth* na *sahíh* mula sa Propeta (SAS). Ang lahat ng ito ay nagpapatunay sa pagiging itinatagubilin ng dhikr na nabanggit matapos ang *saláh* sa *fajr* at matapos ang *saláh* sa *maghrib*. Ito ay ang pagsasabi ng: ***lá iláha illa'lláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd,***

***wa huwa 'alá kulli shay'in qadír***[21] nang sampung ulit. Samakatuwid, itinatagubilin sa bawat lalaking at babaeng mananampalataya na pamalagiin ang pagbigkas niyon matapos ang dalawang *saláh* na nabanggit. Bibigkasin ito matapos ng mga itinatagubiling *dhikr* matapos magsagawa ng *taslím* sa lahat ng limang *saláh* na *fard*. Pagkatapos magsabi ng *assalámu 'alaykum* ay magsasabi pa ng mga sumusunod:

- ***astaghfirulláh*** (3x)[22]
- ***alláhumma antas salámu wa minkas salám, tabárakta yá dhal jaláli wal ikrám***[23]
- ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alá kulli shay'in qadír***[24]
- ***lá hawla wa lá qúwata illá billáh***[25]
- ***lá iláha illalláh, wa lá na'budu illá iyyáh, lahun ni'matu wa lahul fadlu wa lahuth thaná'ul hasan, lá***

---

[21] Walang Diyos kundi si Alláh, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

[22] Humihingi ako ng kapatawarin ni Alláh (3x).

[23] O Alláh, Ikaw ang Walang-kapintasan at mula sa Iyo ang kapayapaan. Mapagpala Ka, o Ikaw na karapat-dapat sa pagpipitagan at pagpaparangal.

[24] Walang Diyos kundi si Alláh, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

[25] Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Alláh.

***iláha illalláh, mukhlisína lahud dína wa law karihal káfirún***[26]

- ***alláhumma lá máni‘a limá a‘tayta, wa lá mu‘tiya limá mana‘ta, wa lá yanfa‘u dhal jaddi minkal jadd***[27]

Kung *imám* [ang nagdarasal], itinatagubilin na humarap sa mga *ma’múm* matapos sabihin ang ***astaghfirulláh*** nang tatlong ulit at ang ***alláhumma antas salámu wa minkas salám, tabárakta yá dhal jaláli wal ikrám*** bilang pagtulad sa Propeta (SAS) kaugnay roon. Ang *imám*, sa pagharap, ay maaaring humarap nang pakanan o pakaliwa dahil kapwa ito ginawa ng Propeta (SAS). Kanais-nais din sa nagsasagawa ng *saláh*, pagkatapos ng bawat *saláh* na *fard* pagkatapos ng *dhikr* na nabanggit, na sabihin ang mga sumusunod:

- ***subhánalláh*** (33x)[28]
- ***alhamdu lilláh*** (33x)[29]
- ***Alláhu akbar*** (33x)[30]

---

[26] Walang totoong Diyos kundi si Alláh, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamagandang-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang totoong Diyos kundi si Alláh, wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.

[27] Alláh, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapagdudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.

[28] Kaluwalhatian kay Allah (33x).

[29] Ang papuri ay ukol kay Allah (33x).

[30] Si Allah ay Pinakadakila (33x).

Ang lahat ng ito ay siyamnapu't siyam. Upang maging isandaan lahat, sabihin ang ***lá iláha illalláh, wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd, wa huwa 'alá kulli shay'in qadír*** dahil napagtibay mula sa Propeta (SAS) ang paghihikayat na sabihin iyon at ang paglilinaw na iyon ay isa sa mga dahilan ng kapatawaran.

Itinatagubilin din para sa nagsagawa ng *saláh* na pagkatapos ng bawat *saláh* mula sa limang *saláh* na *fard* na bigkasin ang *áyatul kursí*, *súratul ikhlás*, *súratul falaq*, at *súratun nás*. Itinatagubilin na ulitin nang tigtatatlong ulit ang tatlong *súrah* na nabanggit pagkatapos ng *saláh* sa *maghrib* at pagkatapos ng *saláh* sa *fajr* at bago matulog dahil nabanggit iyon sa mga *Hadíth* na *sahíh*.

**28.** Ipinagwawalang-bahala ng marami sa mga Muslim sa ngayon ang pagsasagawa ng *saláh* sa *jamá'ah* at pati na ng ilang mga mag-aaral ng Islam. Idinadahilan nila na ang ilan sa mga pantas ng Islam ay nagsabing hindi raw *fard* ito (ang *saláh* sa *jamá'ah*). Kaya ano po ang hatol hinggil sa *saláh* sa *jamá'ah* at ano po ang inyong maipapayo sa mga ito?

**Sagot**: Ang *saláh* sa *jamá'ah* kasama ng iba pang mga Muslim sa mga masjid ay walang dudang isang tungkulin ng bawat lalaking *mukallaf* na nakaririnig ng adhán ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang makarinig ng***

***panawagan [sa saláh] at hindi pumunta [sa dasalan], walang saláh para sa kanya maliban kung may tanggap na dahilan."*** Ang *Hadíth* na ito ay itinala nina Imám Ibnu Májah, Imám ad-Dáruqutní, Imám Ibnu Hibbán at Imám al-Hákim.

Tinanong si Ibnu 'Abbás (RA) kung ano ang tanggap na dahilan. Sinabi niya: "Takot o karamdaman." Nasaad naman sa isang *Hadíth* sa Sahíh Muslim ayon kay Abú Hurayrah (RA) na ayon naman sa Propeta (SAS), na may pumunta sa kanya na isang lalaking bulag at nagsabi: "O Sugo ni Allah, wala akong taga-akay na aakay sa akin patungo sa masjid; kaya ako ba ay may pahintulot na magsagawa ng *saláh* sa bahay ko?" Binigyan niya (SAS) ito ng pahintulot ngunit tinawag niya ito at nagsabi siya: ***"Naririnig mo ba ang panawagan para sa saláh?"*** Nagsabi ito: "Opo." Nagsabi siya: ***"Kaya, tugunin mo."***[31] Sa isang *Hadíth* na nasa *Sahíhayn* ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"[minsan ay] talaga ngang nagbalak akong mag-utos na isagawa ang saláh, kaya isasagawa na ang iqámah. Pagkatapos ay uutusan ko ang isang lalaki na mamuno sa saláh sa mga tao. Pagkatapos ay lilisan ako, na may kasamang ilang lalaki na may dalang mga bigkis na panggatong, patungo sa mga taong hindi dumadalo sa saláh at susunugin ko sa kanila ang mga bahay nila."*** Ang mga *Hadíth* na ito, ang lahat ng mga ito at ang ano mang

[31] Ibig sabihin ay: Pumunta ka sa masjid at doon isagawa ang *saláh* doon.

nabanggit na kasingkahulugan nito, ay nagpapatunay sa pagiging tungkulin ng pagsasagawa ng *saláh* sa *jamá'ah* sa mga masjid sa panig ng mga lalaki at ang hindi tumutupad sa tungkuling ito ay karapat-dapat sa kaparusahan.

Kung ang *saláh* sa *jamá'ah* sa mga masjid ay hindi *fard*, hindi sana naging karapat-dapat sa parusa ang hindi dumadalo sa *jamá'ah*. Dahil sa itong pagsasagawa ng *saláh* sa mga masjid ay isa sa mga dakilang gawaing panlabas sa Islam, isa sa mga dahilan ng pagkakila-kilala ng mga Muslim, ng pagtamo ng pag-ibig, pagmamahalan, at ng pag-aalis ng sama ng loob, at sapagkat ang hindi pagdalo sa *saláh* sa *jamá'ah* ay nagmimistulang paggaya sa mga taong nagpapanggap na Muslim; kaya kailangang mag-ingat na hindi makadalo sa *saláh* sa *jamá'ah*. Walang katuturan ang pagsalungat sa usaping ito sapagkat ang bawat ng pahayag na sumasalungat sa mga patunay ng *Sharí'ah* ay kailangang iwaksi at hindi pagbabatayan sapagkat ang saabi ni Allah: **"…Kaya kapag nagkahidwaan kayo sa isang bagay ay isangguni ninyo ito kay Allah at sa Sugo, kung kayo nga ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Iyan ay pinakamabuti at pinakamagandang kahihinatnan."** (4:59) at nagsabi pa Siya: **"Ang anumang bagay na nagkasalungtan kayo hinggil dito, ang kahatulan nito ay nasa kay Allah.…"**(42:10). Sa isang *Hadíth* sa Sahíh Muslim ayon

kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA): “Talagang nakita ko nga kami na walang lumiliban doon (sa *saláh* sa *jamá‘ah*) kundi ang Nagpapanggap na Muslim o ang isang maysakit. Talagang [kahit] ang tao [na mahina] ay dinadala sa masjid. Inaalalayan ito ng dalawang lalaki hanggang sa maitayo sa hanay [ng *saláh*].” Walang dudang ito ay nagpapatunay sa pagpapahalaga ng *Sahábah* (RA) sa *saláh* sa *jamá‘ah* sa masjid at sa kasigasigan nila na makadalo rito anupa’t kung magkaminsan ay kanila pang hinahatid ang isang lalaking may-karamdaman na inaalalayan ng dalawang lalaki hanggang sa maitayo sa hanay ng *saláh*. Iyon ay tanda ng katindihan ng kasigasigan nila sa pagdalo sa *saláh* sa *jamá‘ah*—kalugdan nawa silang lahat ni Allah. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**29.** Nagkakaiba ang mga pananaw ng mga pantas hinggil sa pagbigkas ng *ma’múm* [ng *súratul fátihah*] sa likod ng *imám*; kaya ano po ang tama roon? Ang pagbigkas po ba ng *súratul fátihah* ay kailangan niyang gawin? At kailan po niya bibigkasin ito kapag ang *imám* ay walang mga sandali ng pananahimik na maaaring bumigkas ang *ma’múm* ng *súratul fátihah*? At itinatagubilin po ba para sa *imám* na tumahimik [nang ilang sandali] matapos na bigkasin ang *súratul fátihah* upang mabigyan ng pagkakataon ang *ma’múm* na bigkasin ang *súratul fátihah*?

**Sagot**: Ang wasto ay kinakailangang bigkasin ng *ma'múm* ang *súratul fátihah* sa lahat ng limang *fard* na *saláh* ayon sa pangkalahatang kahulugan ng sinabi ng Propeta (SAS): ***"Walang saláh para sa sinumang hindi bumigkas ng súratul fátihah."*** At ang sabi pa niya (SAS) [sa *Sahábah* niya (RA)]: ***"Sana kayo ay bumibigkas sa likod ng inyong imám."*** Nagsabi naman sila: "Opo." Nagsabi naman siya (SAS): ***"Huwag ninyong gawin kung hindi sa súratul fátihah dahil walang saláh para sa sinumang hindi bumigkas ng súratul fátihah."*** Itinala ito ni Imám Ahmad.

Ang itinatagubilin ay na bibigkasin ang *súratul fátihah* sa mga sandali ng pananahimik ng *imám*; ngunit kung wala siyang sandali ng pananahimik, bibigkasin ng *ma'múm* ang *súratul fátihah* kahit na bumibigkas din ang *imám* at pagkatapos ay mananahimk. Ito ay isang kataliwasán (eksepsiyon) sa pangkalahatang saklaw ng mga patunay na nagpapatotoong kinakailangang manahimik para sa pagbigkas ng *imám*. Subalit kung nakalimutan ito ng *ma'múm* o hindi binigkas dahil sa kawalang-kaalaman o dahil sa paniniwalang hindi ito *fard*, wala siyang pananagutan at makasasapat na sa kanya ang pagbigkas ng *imám* ayon sa pahayag ng nakararaming mga pantas. Ganoon din kung dumating siya habang ang *imám* ay nakayukod na, yuyukod din siyang kasama nito at makasasapat na sa kanya ang pagyukod na ito at hindi na niya kailangang bigkasin ang

*súratul fátihah* dahil hindi niya naabutan ito. Nasaad mula sa *Hadíth* na isinalaysay ni Abú Bakrah ath-Thaqafí (RA) na siya ay dumating sa Propeta (SAS) habang ito ay nakayukod kaya yumukod na rin siya nang wala sa hanay at pagkatapos ay pumasok sa hanay [matapos ang pagyukod]. Nang makapagsagawa na ng *taslím* ang Propeta (SAS) ay nagsabi siya (SAS) rito: ***"Dagdagan ka nawa ni Allah ng kasigasigan ngunit huwag mo nang ulitin."*** Hindi na siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulitin ang *rak'ah* [na naabutan at yumukod nang wala sa hanay]. Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí. Ang kahulugan ng sinabi ng Propeta (SAS) na: ***"huwag mo nang ulitin"*** ay "huwag mo nang ulitin ang pagyukod nang wala sa hanay." Sa pamamagitan niyon ay nalalaman na ang itinatagubilin para sa sinumang pumasok sa masjid, samantalang ang *imám* ay nakayukod, ay na hindi yuyukod bago [makapasok] sa hanay; sa halip, kailangang maghintay hanggang sa makarating sa hanay kahit pa man malampasan siya ng isang pagyukod (*rukú'*) dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag pupunta kayo sa saláh ay puntahan ninyo ito na nasa inyo ang kapanatagan. Ang anumang maabutan ninyo [sa saláh] ay dasalin ninyo at ang anumang nakalampas sa inyo ay buuhin ninyo."***

Tungkol naman sa *Hadíth* na nagsasabing: ***"Ang sinumang may imám [sa saláh], ang pagbigkas nito ay pagbigkas na rin para sa kanya,"*** ito ay isang *Hadíth* na *da'íf*—hindi ginagamit na patunay ng mga pantas. Kung

sakaling naging saháh ito, tiyak na ang *súratul fátihah* ay isang kataliwasan doon upang maipagtugma ang [ibang] mga *Hadíth*. Tungkol naman sa pananahimik matapos ang *súratul fátihah*, walang anumang napagtibay hinggil dito ayon sa nalalaman ko. May kaluwagan sa usaping ito, kung loloobin ni Allah. Kaya ang sinumang gumawa nito (panandaliang pagtahimik pagkatapos ng *súratul fátihah*) ay walang masama; ang sinumang hindi gumawa nito ay wala ring masama dahil walang napagtibay na anuman hinggil dito mula sa Propeta (SAS) ayon sa nalalaman ko. Ang napagtibay lamang mula sa kanya (SAS) ay dalawang sandali ng pananahimik; ang una ay pagkatapos ng *takbíratul ihrám* (panimulang *takbír*) na itinatagubilin rito ang [pagbigkas nang tahimik ang *du'á'* ng] *istiftáh*[32] at ang ikalawa ay matapos bumigkas [ng mga *áyah*] at bago yumukod. Ang ikalawang pagtahimik ay isang dagliang pananahimik na naghihiwalay sa pagitan ng pagbigkas ng talata sa Qur'an at ng *takbír*.

**30.** Nasasaad sa isang *Hadíth* na saháh ang pagbabawal na lumapit sa masjid para sa sinumang kumain ng sibuyas o bawang o *leek*.[33] Maisasama rin ba roon ang anumang may masamang amoy at ipinagbabawal gaya ng

---

[32] Ang *du'á'* na ito ay ***subhánakalláhumma wa bihamdika wa tabárakasmuka wa taálá jadduka wa lá iláha ghayruk.***

[33] Dahil ang taong kumain nito ay nangangamoy. Ang *leek* ay isang uri ng gulay na kahawig ng malaking sibuyas ngunit may mahaba at kulay puting tangkay.

sigarilyo? Ang ibig po bang sabihin niyon ay na ang sinumang gumamit ng mga bagay na ito ay may dahilang lumiban sa pagdalo sa *jamá'ah* at hindi magkakasala sa pagliban?

**Sagot**: Napagtibay mula sa Sugo ni Allah (SAS) na siya ay nagsabi: ***"Ang sinumang kumain ng bawang o sibuyas ay huwag ngang lalapit sa ating masjid at magdasal siya sa bahayniya."*** Napagtibay rin mula sa kanya (SAS) na siya ay nagsabi: ***"Tunay na ang mga anghel ay nayayamot sa nakayayamot sa mga anak ng tao."*** Ang patakarang sumasaklaw sa bawat may masamang amoy ay ang patakarang sumasaklaw sa [kumain ng] bawang at sibuyas, gaya ng naninigarilyo, may amoy sa kilikili at iba pang nakakapagpayamot sa katabi niya. *Makrúh* para sa kanya na magsasagawa ng *saláh* kasama ng *jamá'ah*. Iyon ay ipinagbabawal hanggang sa hindisiya gumagamit ng pang-alis sa amoy na ito. Tungkulin niyang gawin iyon sa abot ng kakayahan upang maisagawa ang isinatungkulin sa kanya ni Allah na pagsasagawa ng *saláh* sa *jamá'ah*. Ang paninigarilyo ay ipinagbabawal at kailangang iwaksi ito sa lahat ng oras yayamang nagtataglay ito maraming kapinsalaan sa relihiyon, sa katawan, at sa salapi.

Pabutihin nawa ni Allah ang kalagayan ng mga Muslim at patnubayan Niya nawa sila sa lahat ng mabuti.

**31.** Sisimulan po ba ang hanay ng *s̲aláh* sa kanan ng *imám* o sa likuran niya mismo? Itinatagubilin ba na magkasindami ang [mga tao sa] kanan at kaliwa sa pamamagitan ng pagsabi ng ***i'dalus̲ s̲aff*** (Pagpantayin ninyo ang hanay) gaya ng ginagawa ng marami sa mga *imám*?

**Sagot**: Ang hanay ay sisimulan sa gitna mula sa likod ng *imám*. Ang kanan ng bawat hanay ay higit na mainam kaysa sa kaliwa nito. Kailangang huwag magsimula [na humanay] sa isang [bagong] hanay hangga't hindi napupuno ang naunang hanay. Walang masama na ang mga tao sa kanang bahagi ng hanay ay higit na marami. Hindi na rin kailangang pagpantayin ang bilang [ng kanan at kaliwang bahagi ng hanay], datapuwat ang pag-uutos ng gayon ay pagsalungat sa *sunnah*. Subalit hindi rin gagawa ng ikalawang hanay hangga't hindi nabubuo ang unang hanay at hindi gagawa ng ikatlong hanay hangga't hindi nabubuo ang ikalawa at ganoon din sa nalalabi pang mga hanay dahil napagtibay mula sa Propeta (SAS) ang pag-uutos na gawin iyon.

**32.** Ano po ang opinyon nito sa *s̲aláh* ng *muftarid̲* (taong nagsasagawa ng *s̲aláh* na *fard̲*) na ang ginawang *imám* ay ang *mutanaffil* (nagsasagawa ng *s̲aláh* na *sunnah*)?

**Sagot**: Walang masama sa *s̲aláh* ng *muftarid̲* na ang ginawang *imám* ay ang *mutanaffil* sapagkat napagtibay mula sa Propeta (SAS) na sa ilang mga uri ng *s̲aláh al-*

*khawf*[34] siya ay nagsagawa ng *saláh* na dalawang *rak‘ah* bilang *imám* ng isang pangkat at pagkatapos ay nagsagawa ng *taslím*. Pagkatapos ay nagsagawa uli siya ng *saláh* na dalawang *rak‘ah* bilang *imám* ng isa pang pangkat at pagkatapos ay nagsagawa ng *taslím*. Ang una ay *saláh* na *fard* para sa kanya at ang ikalawa ay *sunnah*, habang ang mga *ma’múm* na pinamunuan niya ay mga *muftarid*. Napagtibay rin sa *Hadíth* na nasa *Sahíhayn* ayon kay Mu‘ádh ibnu Jabal (RA) na siya noon ay nagsagawa kasama ng Propeta (SAS) ng *saláh* sa ‘*ishá’* at pagkatapos ay umuuwi siya sa mga kanayon niya upang magdasal bilang *imám* sa kanila sa *saláh* na iyon rin (‘*ishá’*). Para sa kanya ang *saláh* na iyon ay *sunnah* at para naman sa kanila ay *fard*. Ang tulad din niyon ay kung dumating ang isang isang tao [sa masjid] sa buwan ng Ramadán habang ang mga tao ay nagsasagawa ng *saláh* na *taráwíh*[35] at siya naman ay hindi pa nakapagsagawa ng *saláh* sa ‘*ishá’*, [sa ganitong pagkakataon,] siya ay magsasagawa kasabay nila ng *saláh* sa ‘*ishá’* upang makamit niya ang biyaya ng *saláh* sa *jamá‘ah* at kapag nakapagsagawa na ng *taslím* ang *imám* ay tatayo siya at bubuuhin niya ang kanyang *saláh*.

---

[34] Ito ang tawag sa limang *saláh* na *fard* sa panahon na ang mga nagsasagawa nito ay nasa larangan ng digmaan. Ang *salátul khawf* ay nangangahulugang *saláh* sa panahon ng pangamba o takot. Sa *saláh* na ito, ang mga *saláh* na binubuo ng apat na *rak‘ah* ay pinapaiksi sa dalawang *rak‘ah*.

[35] Isang *saláh* na *sunnah* na isinasagawa sa Ramadán matapos ang *saláh* sa ‘*ishá’*.

**33.** Ano po ang hatol sa *saláh* ng taong mag-isang nagsasagawa ng *saláh* sa likod ng hanay? Kapag may isang pumasok [sa masjid] at hindi nakakita ng lugar sa hanay, ano po ang gagawin niya? Kapag nakakita siya ng batang wala pa sa wastong gulang, hahanay ba siya kasama nito?

**Sagot**: Ang hatol sa *saláh* ng taong mag-isang nagsasagawa ng *saláh* sa likod ng hanay ay walang saysay ang *saláh* niya dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Walang saláh para sa nag-iisa sa likod ng hanay."*** at sapagkat napagtibay mula sa kanya rin na siya ay nag-utos sa sinumang mag-isang nagsagawa ng *saláh* sa likod ng hanay na ulitin nito ang *saláh* at hindi niya ito tinanong kung may nakita itong puwang sa hanay o wala. Samakatuwid, nagpapatunay iyon na walang pagkakaiba ang may nakitang puwang sa hanay at ang walang nakitang puwang nang sa gayon ay mahadlangan na magkaroon ng maidadahilan sa pagwawalang-bahala sa pagsasagawa ng *saláh* nang mag-isa sa likod ng hanay. Subalit kung dumating ang isang hindi nakaabot sa simula ng *saláh* samantalang ang *imám* ay nakayukod at yumukod siya nang wala sa hanay at pagkatapos ay pumasok sa hanay bago nagpatirapa, makasasapat na iyon para sa kanya. Ito ay sapagkat napagtibay sa [isang *Hadíth* sa] Sahíh al-Bukhárí na ayon kaya Abú Bakrah ath-Thaqafí (RA) siya ay dumating sa *saláh* samantalang ang Propeta (SAS) ay nakayukod kaya yumukod siya

nang wala sa hanay at pagkatapos ay pumasok sa hanay. Kaya [matapos ang *saláh* ay] nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Dagdagan ka nawa ni Allah ng kasigasigan ngunit huwag mo nang ulitin."***[36] Hindi na siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulitin ang *rak'ah* [na naabutan niya at yumukod nang wala sa hanay].

Ang dumating naman habang ang *imám* ay nasa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* at hindi siya nakakita ng puwang sa hanay, siya ay maghihintay hanggang sa makakita ng makikihanay kasama niya kahit pa man isang batang pitong taong gulang lamang o higit pa, o dili kaya ay pupunta sa harap at makikihanay sa kanan ng *imám*. Gagawin ito upang masunod ang nasasaad sa mga *Hadíth*.

Patnubayan nawa ni Allah ang lahat ng Muslim tungo sa pag-unawa sa relihiyon nila at matatag na pananatili rito; tunay na Siya ay dumidinig sa panalangin, malapit sa mga mananampalataya.

**34.** Hinihiling bang isang kondisyon sa pamamuno sa *saláh* ang pagkakaroon ng *níyah* [na mamuno sa *saláh*]? Kapag pumasok ang isang lalaki sa masjid at may nakita siyang nagsasagawa ng *saláh*, gagawin ba niya itong

[36] ***huwag mo nang ulitin*** ang pagyukod nang wala sa hanay."

*imám* niya sa *saláh*? Ipinahihintulot bang gawing *imám* ang *masbúq*?[37]

**Sagot**: Hinihiling na isang kondisyon ang *níyah* sa pamumuno sa *saláh* sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa layunin at ang ukol sa bawat tao ay ang nilayon niya lamang."*** Kapag pumasok ang isang lalaki sa masjid at naiwanan na siya ng *saláh* sa *jamá'ah* ngunit nakakita siya ng mag-isang nagsasagawa ng *saláh*, walang masama kung sumabay siya rito bilang *ma'múm*, datapuwa't ito pa nga ang siyang pinakamainam dahil ang sabi ng Propeta (SAS) nang may nakita siyang isang lalaking pumasok sa masjid matapos na naisagawa na ng mga tao ang *saláh*: ***"Wala bang lalaking magkakawanggawa sa taong ito at magsasagawa ng saláh kasama nito?"*** Sa pamamagitan niyon ay matatamo nilang dalawa ang biyaya ng *saláh* sa *jamá'ah*. Ito ay *saláh* na sunnah para sa nakapagsagawa na ng *saláh*.

Si Mu'ádh ibnu Jabal (RA) ay nagsasagawa noon kasama ng Propeta (SAS) ng *saláh* sa '*ishá'* at pagkatapos ay umuuwi siya sa mga kanayon niya upang magdasal bilang *imám* sa kanila sa *saláh* na iyon rin ('*ishá'*). Para sa kanya ang *saláh* na iyon ay *sunnah* at para sa kanila ay *fard*. Sinang-ayunan siya ng Propeta (SAS) doon.

[37] Ang *masbúq* ay ang taong nahuli sa paglahok sa *saláh* sa *jamá'ah* kaya may isang *rak'ah* o higit pa na kailangang buuhin niyang mag-isa.

Hinggil naman sa *masbúq*, walang masama na magdasal kasabay niya ang isang naiwanan ng *saláh* sa *jamá'ah* sa paghahangad [nito] na makamit ang biyaya ng *saláh* sa *jamá'ah*. Kapag nabuo na ng *masbúq* ang *saláh* niya, tatayo ang hindi pa nakabuo ng *saláh* niya at bubuuhin ito ayon sa pangkalahatang saklaw ng mga patunay. Ang patakarang ito ay sumasaklaw sa lahat ng limang *saláh* na *fard* dahil ang sabi ng Propeta (SAS) kay Abú Dharr (RA) nang sinabi niya rito na may darating na mga pinuno na nag-aantala sa pagsasagawa ng *saláh* sa takdang oras nito: ***"Isagawa mo ang saláh sa takdang oras nito. Subalit kung naabutan mo ito kasabay nila, isagawa mo [uli ito] kasama nila sapagkat ito, para sa iyo, ay magiging isa nang saláh na sunnah. Huwag mong sabihing, 'Nakapagsagawa na ako ng saláh kaya hindi na ako [muling] magsasagawa.'"*** Si Allah ang tagakaloob ng patnubay.

**35.** Ang mga *rak'ah* ba na maaabutan ng *masbúq* kasama ng *imám* ay itinuturing na unang bahagi ng kanyang *saláh* o hulinbahagi nito? At kung nalampasan siya, halimbawa, ng dalawang *rak'ah* mula sa *saláh* na ápatáng *rak'ah*, itinatagubilin pa ba para sa kanya ang pagbigkas ng talata sa Qur'an pagkatapos ng *súratul fátihah*?

**Sagot**: Ang tama ay na ang anumang maabutan ng *masbúq* kasama ng *imám* ay itituturing na unang bahagi

ng kanyang *saláh* at ang bubuuhin niya [nang mag-isa] ay ang huling bahagi nito, sa lahat ng *saláh*, sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag pupunta kayo sa saláh ay puntahan ninyo ito na nasa inyo ang kapanatagan. Ang anumang maabutan ninyo [sa saláh] ay dasalin ninyo at ang anumang nakalampas sa inyo ay buuhin ninyo."*** Dahil doon, kanais-nais na lilimitahan ang ikatlo at ikaapat na *rak'ah* ng *saláh* na ápatáng *rak'ah* at ang ikatlong *rak'ah* ng *saláh* sa *maghrib* sa pagbigkas ng *súratul fátihah* dahil sa isang nasasaad sa *Sahíhayn* ayon kay Abú Qatádah (RA) na nagsabi: "Ang Propeta (SAS) ay bumibigkas noon ng *súratul fátihah* at isang *súrah* sa [*saláh* sa] *dhuhr* at *'asr* sa unang dalawang rak'ah. Hinahabaan niya ang unang *rak'ah* at pinaiikli naman niya ang ikalawang *rak'ah* at bumibigkas sa dalawang huling *rak'ah* ng *súratul fátihah*." Kapag bibigkas paminsan-minsan sa ikatlo at ikaapat na *rak'ah* ng [*saláh* sa] *dhuhr* ng áyah ng Qur'an na dagdag sa *súratul fátihah*, ito ay mabuti rin dahil napagtibay [sa isang *Hadíth*] sa Sahíh Muslim ayon sa sinabi ni Abú Sa'íd (RA): "Sa unang dalawang *rak'ah* ng *dhuhr* ay bumibigkas ang Propeta ng singtagal ng pagbigkas sa *súrah as-sajdah* at sa huling dalawang *rak'ah* niyon ay singtagal ng kalahati niyon,[38] sa unang dalawang *rak'ah*

---

[38] Dahil kung minsan ang pagbigkas ng Propeta (SAS) sa huling dalawang *rak'ah* ay singtagal ng pagbigkas ng kalahati ng *súrah as-sajdah*, ito ay nagpapahiwatig na hindi lamang *súratul fátihah* ang binigkas niya.

ng *‘asr* ay singtagal ng huling dalawang *rak‘ah* ng *dhuhr*, at sa huling dalawang *rak‘ah* ng *‘asr* ay singtagal ng kalahati ng unang dalawang *rak‘ah* ng *‘asr*.” Maipagpapalagay na siya (SAS) ay gumagawa niyon paminsan-minsan sa huling dalawang *rak‘ah* ng *dhuhr* nang sa gayon ay maitugma ang dalawang nabanggit na *Hadíth*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

**36.** Dahil sa dami ng mga tao sa ilang mga masjid na pinagdadausan ng pagsamba sa araw ng biyernes, maaaring mapuno ang masjid kaya naman nagsasagawa ng *saláh* ang ibang mga tao sa mga daanan at mga kalsada bilang mga *ma’múm* ng *imám*; kaya ano po ang masasabi ninyo tungkol doon? May ipinagkaiba po ba kung may kalsada sa pagitan ng mga nagsasagawa ng *saláh* at ng masjid o walang kalsadang naghihiwalay?

**Sagot**: Kapag nagkarugtong ang mga hanay ay walang masama. Gayon din kung ang mga *ma’múm* ay nasa labas ng masjid habang nakikita nila ang mga hanay sa harap nila o naririnig nila ang pagsabi ng ***Alláhu akbar*** at kahit pa man pinaghiwalay sila ng ilang daanan ay wala ring masama doon dahil kailangang gampanan ang *saláh* sa *jamá‘ah* at nagagawa naman nilang makita [ang hanay sa harap] at marinig [ang pagsabi ng ***Alláhu akbar***]. Subalit walang isa mang magsagawa ng *saláh* sa harap ng *imám* dahil hindi ito lugar ng *ma’múm*. Si Allah ang tagapagpatnubay.

**37.** Kapag naabutan ng *masbúq* ang *imám* na nakayukod, ano ang itinatagubilin para sa kanya sa sandaling iyon? Hinihiling ba bilang isang kondisyon upang maituring na naabutan ang isang rak‘ah kapag nasabi niya ang ***subhána rabbiyal ‘adhím*** bago maiangat ng *imám* [ang likod]?

**Sagot**: Kapag naabutan ng *masbúq* ang *imám* na nakayukod, naabutan na niya ang rak‘ah na iyon kahit nasabi lamang niya ang ***subhána rabbiyal ‘adhím*** matapos maiangat ng *imám* [ang likod mula sa pagkakayukod]. Alinsunod [ito] sa pangkalahatang saklaw ng sinabi ng Propeta (SAS): ***“Ang sinumang nakaabot ng isang rak‘ah sa saláh ay naabutan na niya ang saláh [sa jamá‘ah].”*** Itinala ito ni Imám Muslim. Alam na ang *rak‘ah* ay naaabutan kapag naabutan ang pagyukod (sa *rak‘ah* na iyon) sapagkat naiulat sa Sahíh al-Bukhárí ayon kay Abú Bakrah ath-Thaqafí (RA) na siya ay dumating isang araw sa masjid habang ang Propeta (SAS) ay nakayukod kaya yumukod na rin siya nang wala sa hanay at pagkatapos [ng pagyukod] ay saka siya pumasok sa hanay. Nang nakapagsagawa ng *taslím* ang Propeta (SAS) ay nagsabi ito sa kanya: ***“Dagdagan ka nawa ni Allah ng kasigasigan ngunit huwag mo nang ulitin.”*** (Ibig sabihin: “huwag mo nang ulitin ang pagyukod nang wala sa hanay.”) Hindi na siya inutusan ng Propeta (SAS) na ulitin ang *rak‘ah* [na naabutan niya at yumukod nang wala sa hanay]. Pinagbawalan lamang

siya nito na ulitin ang pagyukod nang wala sa hanay. Samakatuwid, ang *masbúq* ay kinakailangang hindi magmamadali sa pagyukod hangga't hindi nakapapasok sa hanay. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**38.** Ang ilang mga *imám* ay naghihintay sa pumapasok [sa masjid] upang maabutan [nito] ang rak'ah at ang iba naman sa kanila ay nagsasabing hindi itinatagubilin ang paghintay; kaya ano po ang tama? Patnubayan po kayo ni Allah.

**Sagot**: Ang tama ay na itinatagubilin ang paghihintay nang kaunti upang makasama sa hanay ang isang dumarating, bilang pagtulad sa Propeta (SAS) hinggil doon.

**39.** Kapag pinamunuan sa *s̲aláh* ng isang lalaki [na *mukallaf*] ang dalawang bata [na di-*mukallaf*] o higit pa, ilalagay ba niya sila sa kanyang likod o sa kanyang kanan. Ang pagsapit ba sa wastong gulang ay isang kondisyon upang makasama sa hanay ang bata?

**Sagot**: Ang itinatagubilin dito ay na ilagay niya sila sa likuran niya tulad ng mga *mukallaf* kapag nakasapit na sila sa pitong taong gulang o higit pa. Ganoon din kung sila ay isang bata at isang *mukallaf*, ilalagay rin niya sila sa likod niya sapagkat ang Propeta (SAS) ay nagsagawa ng *s̲aláh* kasama ni Anas (RA) at ng isang batang ulila [na hindi *mukallaf*] at inilagay niya sila sa likuran niya.

[Nangyari ito] noong dinalaw ng Propeta (SAS) ang lola ni Anas (RA). Ganoon din noong humanay sa tabi niya sina Jábir at Jabbár na mga Ansárí, inilagay niya sila sa likuran niya. Tungkol naman sa nag-iisang *ma'múm*, ito ay tatayo sa kanan ng *imám*, maging ito man ay isang *mukallaf* o isang batang di-*mukallaf* sapagkat ang Propeta (SAS), noong nakihanay sa tabi niya si Ibnu 'Abbás sa *salátul layl*[39] sa [gawing] kaliwa niya, ay inilagay niya ito sa kanan niya. At ganoon din si Anas (RA), nagsagawa ito ng *saláh* kasama ng Propeta (SAS) sa ilang mga *saláh* na *sunnah* at inilagay din niya ito sa [gawing] kanan niya niya. Tungkol naman sa isang babae o higit pa, tatayo siya sa likuran ng mga lalaki at hindi ipinahihintulot para sa kanya na makihanay sa tabi ng *imám* o sa tabi ng mga lalaki dahil ang Propeta (SAS), nang magsagawa ng *saláh* kasama nina Anas (RA) at ng isang batang ulila, ay naglagay kay Umm Sulaym na ina ni Anas sa likuran ni Anas at ng ulila.

**40.** Sinabi ng iba na hindi na ipinahihintulot na magsagawa ng isa pang *saláh* sa *jamá'ah* sa masjid matapos na naisagawa ang *saláh* sa *jamá'ah*; mayroon po bang batayan ito? Ano po ang tama?

**Sagot**: Ang pahayag na ito ay hindi tama at wala itong batayan sa *Sharí'ah* na dinalisay, ayon sa nalalaman ko. Datapuwa't ang mga sunnah na *saháh* ay nagpapahiwatig

[39] Isang uri ng *saláh* na *sunnah* na isinasagawa sa pagitan ng '*ishá'* at *fajr*.

ng kasalungatan sa sinasabi nila. Ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang saláh sa jamá'ah ay nakalalamang ng dalawampu't pitong antas kaysa sa saláh ng mag-isang nagsasagawa."*** Ang sabi pa niya (SAS): ***"Ang saláh ng lalaki kasama ng isa pang lalaki ay higit na mainam kaysa sa saláh niya na mag-isa niyang isinagawa."*** Ang sabi pa niya (SAS) nang may nakita siyang isang lalaking pumasok sa Masjid matapos na makapagsagawa ng *saláh* ang mga tao: ***"Wala bang lalaking magkakawanggawa sa taong ito at magsasagawa ng saláh kasama nito?"*** Gayon pa man, hindi ipinahihintulot para sa isang Muslim na magpahuli sa *saláh* sa *jamá'ah*; datapuwa't kailangang magdali-dali siyang dumalo sa sandaling marinig niya ang *adhán*. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**41.** Kapag nasira ang *wudú'* ng *imám* habang nagsasagawa ng *saláh*, magpapahalili ba siya sa isang magpapatuloy sa pamumuno sa mga *ma'múm* sa *saláh*, o tuluyan nang nawalan ng saysay ang *saláh* ng lahat at magtatalaga [na lamang] siya ng isang muling magsasagawa ng *saláh* bilang *imám* nila mula simula nito?

**Sagot**: Ang tama ay na ang itinatagubilin para sa *imám* ay na magpahalili siya sa isang bubuo sa *saláh* bilang *imám* ng mga *ma'múm* gaya ng ginawa ni 'Umar (RA) nang sinaksak siya habang siya ay nagsasagawa ng *saláh*

[bilang *imám*], nagpahalili siya kay ‘Abdurrahmán ibnu ‘Awf (RA) at binuo naman nito ang *saláh* sa *fajr*. Kung hindi nagpahalili ang *imám*, pupunta sa harap ang isa sa mga nasa likuran niya at bubuuhin nito ang *saláh* bilang *imám* nila. Kung muling isasagawa ang *saláh* mula sa simula ay wala ring masama roon dahil ang usapin hinggil doon ay [may] pagkakaiba [ng mga pahayag] sa pagitan ng mga pantas ng Islam. Ngunit ang pinakamatimbang na pahayag ay ang *imám* ay magpapahalili sa isang bubuo [sa *saláh* bilang bagong *imám*] sa kanila batay nga sa nabanggit na natin na ginawa ni ‘Umar (RA). Ngunit kung muli silang magsasagawa ay wala rin namang masama. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**42.** Ang [*saláh* sa] *jamá‘ah* ay naaabutan ba kapag naabutan ang *taslím* kasama ng *imám* o hindi naaabutan kung hindi nakaabot ng isang *rak‘ah*? Kapag may dumating na isang pangkat ng mga tao habang ang *imám* ay nakaupo para sa huling *tashahhud*, ang pinakamainam po ba para sa kanila ay ang sumabay sa *imám* o ang hihintayin nila ang *taslím* nito at saka sila magsagawa ng *saláh* sa *jamá‘ah*?

**Sagot**: Hindi naaabutan ang [*saláh* sa] *jamá‘ah* kung hindi naabutan ang isang *rak‘ah* dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***“Ang sinumang nakaabot ng isang rak‘ah sa saláh ay naabutan na niya ang saláh [sa***

***jamá'ah].”*** Ang *Hadíth* na ito ay nasa Sahíh Muslim. Subalit ang sinumang may dahilang tanggap sa *Sharí'ah* ay magkakamit pa rin ng biyaya ng [*saláh* sa] *jamá'ah* kahit hindi niya naabutan ang *saláh* kasama ng *imám* sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***“Kapag nagkasakit ang isang tao o naglakbay siya, itatala ni Allah para sa kanya ang mga ginagawa niya noong siya ay malusog at di-naglalakbay.”*** Ang *Hadíth* ay isinalaysay ni Imám al-Bukhárí; dahil ang sabi pa niya (SAS) sa labanan sa Tabúk: ***“Tunay na sa Madínah ay may mga tao na wala kayong tinahak na daan at wala kayong binagtas na lambak nang hindi sila kasama ninyo; pinigilan sila ng kadahilanan.”***[40] Sa isa pang sanaysay ay ganito ang sinabi: ***“Nakilahok sila sa inyo sa gantimpala.”*** Nasa *Sahíhayn* ang *Hadíth* na ito.

Sa oras na maabutan ng isang pangkat ang *imám* sa sandali ng huling *tashahhud*, ang pagsabay nila sa kanila ay lalong mainam alinsunod sa pangkalahatang saklaw ng sinabi ng Propeta (SAS): ***“Kapag pupunta kayo sa saláh ay puntahan ninyo ito na nasa inyo ang kapanatagan. Ang anumang maabutan ninyo [sa saláh] ay dasalin ninyo at ang anumang nakalampas sa inyo ay buuhin ninyo.”*** Napagkaisahan ang ktumpakan ang *Hadíth* na ito. Kung magsagawa man sila ng isang

[40] Ibig sabihin ay magtatamo rin sila ng gantimpala bagaman hindi sila nakalahok sa labanan sa Tabúk dahil mayroon silang katanggap-tanggp na kadahilanan.

[hiwalay na *saláh* sa] *jamá'ah* ay wala namang masama, *inshá'alláh*.

**43.** Nagsagawa ng *saláh* ang *imám* kasama ng *jamá'ah* niya nang walang *wudú'* dahil nakalimutan niya ito; kaya ano ang hatol sa *saláh* na ito ayon sa mga sumusunod na kalagayan:

**A.** Kapag naalaala niya [na wala pala siyang *wudú'* ] sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh*?

**B.** Kapag naalaala niya pagkatapos ng *taslím* bago nagkahiwa-hiwalay ang *jamá'ah*?

**C.** Kapag naalaala niya matapos maghiwa-hiwalay ang *jamá'ah*?

**Sagot**: Kapag nakaalaala lamang siya pagkatapos ng *taslím*, ang *saláh* ng *jamá'ah* ay tanggap at hindi nila kailangang ulitin [ang *saláh*]. Tungkol naman sa *imám*, kailangang ulitin niya [ang *saláh*]. Kung nakaalaala naman siya sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh*, siya ay magpapahalili sa isang bubuo sa *saláh* nila bilang *imám* sa kanila ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas alinsunod sa salaysay tungkol kay 'Umar (RA) dahil siya, nang sinaksak [habang nagdarasal bilang *imám*], ay nagpahalili kay 'Abdurrahmán ibnu 'Awf (RA) at binuo naman nito ang *saláh* [bilang *imám*] sa kanila at hindi na nito muling isinagawa [iyon].

**44.** Ano po ang hatol sa pamumuno sa *saláh* ng isang gumagawa ng gawaing kabilang sa mga pagsuway gaya ng paninigarilyo o pag-aahit ng balabas o pagsusuot ng kasuutang lampas sa bukong-bukong at iba pa?

**Sagot**: Ang *saláh* niya ay tanggap kapag isinagawa ito gaya ng itinagublin ni Allah, ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas. Ganoon din ang *saláh* ng mga nasa likuran niya kapag siya ang *imám*, ayon pa rin sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas. Tungkol naman sa di-Muslim, hindi matatanggap ang *saláh* niya at pati na ang *saláh* ng nasa likuran niya dahil sa pagkawala ng isang kondisyon ng *saláh* at iyon ay ang pagiging kaanib ng Islam. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**45.** Batid na ang tayuan ng *ma'múm* kapag siya ay iisa ay sa kanan ng *imám*; kaya itinatagubilin ba na umurong [ang *ma'múm*] nang kaunti gaya ng napupuna sa ilan?

**Sagot**: Ang itinatagubilin para sa *ma'múm* kapag siya ay nag-iisa ay na tumayo sa [gawing] kanan ng *imám* kapantay nito, at sa mga patunay batay sa *Sharí'ah* ay walang anumang nagpapahiwatig ng pagsalungat doon. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**46.** Kapag nag-aalinlangan ang nagsasagawa ng *saláh* kung siya ba ay nagsagawa ng tatlo o apat na *rak'ah*, ano po ang gagawin niya?

**Sagot**: Ang kailangang gawin niya kapag may duda ay babatay sa pinakatiyak: ang pinakakaunting bilang [ng *rak'ah*]. Ituturing niya na ang *saláh* ay tatlong *rak'ah* lamang at isasagawa ang pang-apat [na *rak'ah*]. Pagkatapos ay isasagawa niya ang *sujúdus sahw*[41] bago magsagawa ng *taslím* sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag nag-alinlangan ang sinuman sa inyo sa saláh niya, kaya naman hindi niya malaman kung nagdasal siya ng tatlo o apat na [rak'ah], ay isantabi niya ang pag-aalinlangan at bumatay siya sa [higit na] natiyak niya. Pagkatapos ay magpatirapa ng dalawang pagpapatirapa bago magsagawa ng taslím. Kaya kung nakapagdasal siya ng limang rak'ah, iwawasto ng mga ito para sa kanya ang saláh niya; kung nagdasal nang buo, ang dalawang [pagpapatirapa na] iyon ay panghihiya sa demonyo."*** Ang Hadíth na ito ay nasa Sahíh Muslim, na isinalaysay ni Abú Sa'íd al-Khudrí.

Kung nanaig naman sa palagay niya ang isa sa dalawa: ang kakulangan o ang kalubusan [ng bilang ng *rak'ah*], siya ay magbabatay sa nananaig na palagay niya. Pagkatapos ay isasagawa siya ang *taslím* at pagkatapos ay magpapatirapa ng dalawang ulit para sa *sujúdus sahw* pagkatapos ng *taslím* dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag nag-aalinlangan ang sinuman sa inyo sa***

[41] Ang *sujúdus sahw* ay dalawang karagdagang pagpapatirapa na ginagawa bago o matapos magsagawa ng *taslím* kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali.**

***kanyang saláh ay sikapin niyang alamin ang tama at buuhin niya batay roon at pagkatapos ay magsagawa siya ng taslím at saka magpatirapa nang dalawang pagpapatirap pagkatapos ng taslím."*** Ang *Hadíth* na ito na nasa Sahíh al-Bukhárí ayon sa salaysay ni ibnu Mas'úd (RA).

**47.** Ang ilan sa mga *imám* ay nagsasagawa ng *sujúdus sahw* matapos magsagawa ng *taslím* at ang iba naman sa kanila ay nagsasagawa ng *sujúdus sahw* bago magsagawa ng *taslím* at ang iba pa sa kanila ay nagsasagawa ng unang *sujúdus sahw* bago magsagawa ng *taslím* at ng ikalawang *sujúdus sahw* matapos magsagawa ng *taslím*. Kaya kailan po itinatagubilin ang pagsasagawa ng *sujúdus sahw* bago isagawa ang *taslím*? Kailan po itinatagubilin [ang *sujúdus sahw*] pagkatapos ng *taslím*? Ang pagkaitinatagubilin ba ng *sujúdus sahw* bago magsagawa ng *taslím* o matapos magsagawa ng *taslím* ay *fard* o *mustahabb*?

**Sagot**: Maluwag ang usapin hinggil dito dahil ang kapwa usapin: ang *sujúdus sahw* bago at matapos ang *taslím* ay ipinahihintulot dahil ang mga *Hadíth* ay bumanggit ng tungkol doon mula sa Propeta (SAS). Subalit ang pinakamainam ay na isagawa ang *sujúdus sahw* bago ang *taslím* maliban sa dalawang pagkakataon:

**A.** Kapag nagsagawa ng *taslím* ngunit kulang pala [ang *saláh*] ng isang *rak'ah* o higit pa, ang pinakamainam

ay na isagawa ang *sujúdus sahw* matapos na natapos ang *saláh* at ang *taslím*. Ito ay bilang pagsunod sa Propeta (SAS) hinggil doon dahil ang Propeta (SAS)—noong nagsagawa siya ng *taslím* nang may kulang na dalawang *rak'ah* [ang *saláh* niya] ayon sa *Hadíth* na isinalaysay ni Abú Hurayrah (RA) at nang may kulang na isang *rak'ah* [ang *saláh* niya] ayon naman sa *Hadíth* na isinalaysay ni 'Imrán ibnu Husayn (RA)—ay nagsagawa ng *sujúdus sahw* matapos na natapos ang *saláh* at ang *taslím*.

**B.** Kapag nag-alinlangan sa *saláh* at hindi malaman kung nakapagsagawa ng tatlo ba o apat [na *rak'ah*] sa *saláh* na ápatáng *rak'ah*, o ng dalawa ba o tatlong [*rak'ah*] sa *saláh* sa *maghrib*, o ng isa ba o dalawang [*rak'ah*] sa *fajr*, ngunit nanaig sa palagay niya ang isa sa dalawa: ang kakulangan o ang kasapatan [ng *rak'ah*], magbabatay siya sa nangingibabaw sa palagay niya. Ang *sujúdus sahw* niya pagkatapos ng *taslím* ay para maisagawa ang pinakamainam ayon sa *Hadíth* na isinalaysay ni Ibnu Mas'úd na nabanggit sa sagot sa tanong bilang 46. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**48.** Kapag nagkamali ang *masbúq*, magsasagawa ba siya ng *sujúdus sahw*? Kailan niya ito isasagawa? Kailangan ba ng *ma'múm* na magsagawa ng *sujúdus sahw* kapag nagkamali siya?

**Sagot**: Hindi kailangan ng *ma'múm* na magsagawa ng *sujúdus sahw* kapag nagkamali siya at kailangang sundan niya ang *imám* niya kapag sumabay siya rito mula sa simula ng *saláh*. Tungkol naman sa *masbúq*, siya ay magsasagawa ng *sujúdus sahw* kapag nagkamali siya habang kasama ng *imám* niya o habang nag-iisa nang nagsasagawa matapos na nabuo ng *imám* ang *saláh*, batay sa detalyeng nabanggit sa sagot sa naunang dalawang tanong bilang 46 at 47. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**49.** Itinatagubilin po ba ang pagsasagawa ng *sujúdus sahw* para sa mga sumusunod:

**A.** Kapag bumigkas ng anumang talata ng Qur'an kasama ng *súratul fátihah* sa dalawang huling *rak'ah* ng [*saláh* na] ápátang *rak'ah*?

**B.** Kapag bumigkas [ng anuman] sa sandali ng pagpapatirapa o nagsabi halimbawa ng ***subhána rabbiyal 'adhím*** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa?

**C.** Kapag nilakasan ang pagbigkas sa *saláh* na binibigkas nang tahimik (*dhuhr* at *'asr*) o bumigkas nang tahimik sa *saláh* na binibigkas nang malakas (*maghrib*, *'ishá'* at *fajr*)?

**Sagot**: Kapag bumigkas sa dalawang huling *rak'ah* ng [*saláh* na] ápátang *rak'ah*, o sa isa sa dalawang ito, ng isang talata ng Qur'an o higit pa o ng isang *súrah* dala ng

pagkalimot, hindi itinatagubilin para sa kanya ang pagsasagawa ng *sujúdus sahw* dahil napagtibay mula sa Propeta (SAS) ang [*Hadíth* na] nagpapatunay na siya ay bumigkas ng [mga talata ng Qur'an] karagdagan sa *súratul fátihah* sa ikatlo at ikaapat [na *rak'ah*] ng *saláh* sa *dhuhr*. Napagtibay rin na siya ay nagpuri sa isang prinsipe na bumibigkas ng *súratul ikhlás* pagkatapos ng *súratul fátihah* sa lahat ng *rak'ah* ng *saláh* nito. Subalit ang nalalaman tungkol sa Propeta (SAS) ay na siya ay hindi bumibigkas noon sa ikatlo at ikaapat na *rak'ah* [ng anuman] maliban sa *súratul fátihah* gaya ng nasasaad sa *Sahíhayn* ayon sa *Hadíth* na isinalaysay ni Abú Qatádah (RA). Napagtibay rin mula kay Abú Bakr as-Siddíq (RA) na siya ay bumigkas sa ikatlong *rak'ah* ng *saláh* sa *maghrib* matapos ang *súratul fátihah* ng talata ng Qur'an na nasa *súrah* Ál 'Imrán:8. Ang lahat ng ito ay nagpapatunay sa pagbibigay-luwag hinggil doon.

Ang sinumang nagkamaling bumigkas [ng anumang talata ng Qur'an] sa sandali ng pagyukod o pagpapatirapa, magsasagawa siya ng *sujúdus sahw* sapagkat hindi ipinahihintulot na bumigkas [ng talata ng Qur'an] sa sandali ng pagyukod o pagpapatirapa dahil ang Propeta (SAS) ay nagbawal na gawin iyon. Kaya kapag nagkamaling bumigkas ng anumang talata buhat sa Qur'an, kailangang magsagawa ng *sujudus sahw*. At ganoon din kapag nagkamali sa sandali ng pagyukod at nagsabi ng ***subhána rabbiyal a'lá*** sa halip na ***subhána rabbiyal 'adhím***, o nagkamali sa sandali ng

pagpapatirapa at nagsabi ng ***subhána rabbiyal 'adhím*** sa halip na ***subhána rabbiyal a'lá,*** kailangan ding magsagawa ng *sujúdus sahw* dahil hindi niya naisagawa ang kailangang gawin dala ng pagkaligta. Kung nagkamaling naipagsama ang pagbigkas ng dalawa: [ang ***subhána rabbiyal 'adhím*** at ***subhána rabbiyal a'lá***] sa sandali ng pagyukod o pagpapatirapa ay hindi na kailangang magsagawa ng *sujúdus sahw*. Kung magsasagawa naman ng *sujúdus sahw* ay wala ring masama, alinsunod sa pangkalahatang saklaw ng mga patunay. [Ang patakarang] ito ay pumapatungkol sa *imám*, *munfarid* (mag-isang nagsasagawa ng *saláh*), at *masbúq*.

Tungkol naman sa *ma'múm* na kasama na ng *imám* sa simula pa ng *saláh*, hindi na kailangan para sa kanya na magsagawa ng *sujúdus sahw* [kung magkamali siya] sa mga usaping ito at kailangang sundin niya ang *imám niya*. Ganoon din kung sakaling nilakasan niya ang pagbigkas sa *saláh* na binibigkas nang tahimik o kung binigkas nang tahimik ang *saláh* na binibigkas nang malakas, hindi na rin kailangang magsagawa ng *sujúdus sahw* dahil ang Sugo (SAS) ay nagpaparinig noon kung minsan ng pagbigkas ng talata ng Qur'an sa *saláh* na binibigkas nang tahimik. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**50.** Inaakala ng ilan na ang pagsasama (*jam'*) at ang pagpapaikli (*qasr*) [ng mga *saláh*] ay magkaalinsabay

kaya naman [sa pag-aakala nila ay] walang pagsasama kung walang pagpapaikli at walang pagpapaikli kung walang pagsasama; kaya ano po ang masasabi ninyo rito? Ang pinakamainam po ba para sa *musáfir* ay ang pagpapaikli nang walang pagsasama o ang pagsasama at ang pagpapaikli [ng *saláh*]?

**Sagot**: Ang pinaglaanan ni Allah ng pagtatagublin Niya ng pagpapaikli [ng *saláh*] ay ang *musáfir*. Ipinahihintulot ang pagsasama ng *saláh* ngunit hindi kailangang magkaalinsabay ang dalawang ito (ang pagsasama at ang pagpapaikli ng *saláh*). Kaya maaaring paikliin ang *saláh* ngunit hindi pagsamahin at ang hindi pagsasama ay pinakamainam kapag ang *musáfir* ay pansamantalang tumitigil sa isang pook at hindi nagbibiyahe, gaya ng ginawa ng Propeta (SAS) sa Miná noong isinagawa niya ang *hajj* niya ng pamamaalam: pinaikli niya [ang *saláh*] ngunit hindi ipinagsama. Ipinagsama at pinaikli naman niya [ang *saláh*] noong labanan sa Tabúk; kaya nagpapakita ito ng pagbibigay-luwag doon. Siya (SAS) noon ay nagpapaikli at nagsasama [ng *saláh*] kapagka siya ay nagbibiyahe at hindi nakatigil sa isang lugar.

Tungkol naman sa pagsasama [ng *saláh*], ang patakaran rito ay higit na maluwag sapagkat ito ay ipinahihintulot sa may sakit at sa mga walang sakit na nagsasagawa ng *saláh* sa masjid kapag may ulan. [Ang ipinagsasama ay] ang *maghrib* at ang *'ishá'* o ang *dhuhr* at ang *'asr*. Hindi ipinahihintulot para sa kanila ang

pagpapaikli [ng mga *saláh*] sapagkat ang pagpapaikli ay para lamang sa *musáfir*. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**51.** Kapag sumapit ang oras [ng *saláh*] habang hindi pa naglalakbay ang isang tao at pagkatapos ay naglakbay siya bago naisagawa ang *saláh*; may karapatan ba siyang paikliin at pagsamahin [ang *saláh*] o wala na? Ganoon din kung isinagawa niya ang *dhuhr* at *'asr*, halimbawa, na pinaikli at pinagsama, at pagkatapos ay nakarating siya sa kanyang bayan sa oras ng *'asr*; ang ginawa ba niyang iyon ay tanggap kung nalalaman niya noong sandaling pinaiikli at pinagsasama [ang *saláh*] na siya ay darating sa kanyang bayan sa oras ng ikalawang *saláh* (*'asr*)?

**Sagot**: Kapag inabutan ang isang nagbabalak maglakbay ng oras ng *saláh* habang siya ay nasa bayan pa niya at saka umalis bago nagsagawa ng *saláh*, itinatagubilin sa kanya ang pagpapaikli sa *saláh* kapag nilisan niya ang pinaninirahang bahagi ng bayan, ayon sa pinakatumpak sa mga pahayag ng mga pantas ng Islam, na siyang pahayag ng pinakamarami. Kapag pinagsama at pinaikli [ang mga *saláh*] habang nasa paglalakbay at pagkatapos ay dumating sa [sariling] bayan bago sumapit ang oras ng ikalawang *saláh* o sa oras mismo ng ikalawang *saláh*, hindi na kailangang ulitin ang *saláh* dahil naisagawa na niya ang *saláh* sa itinatagubiling paraan. Kung

magsasagawa pa siya ng ikalawang *saláh* kasama ng *jamá'ah*, ito ay magiging *sunnah* para sa kanya. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**52.** Mayroon po bang itinakdang layo ang isang paglalakbay upang mapahintulutang paikliin ang *saláh*?

**Sagot**: Ang marami sa mga pantas ng Islam ay naniniwalang ang itinakdang layo ng pupuntahan ay ang layo ng isang gabi at isang araw na pangkaraniwang paglalakad ng kamelyo o tao o mga 80 kilometro. Ang ganitong layo (o higit pa) ay itinuturing na paglalakbay ayon sa nakagawian at ang mababa pa rito ay hindi.

**53.** Ano po ang tingin ninyo sa pagsasa ng *saláh* na *maghrib* at *'ishá'* kapag may ulan sa sandaling nananatili sa mga lungsod na ang mga lansangan ay patag, aspaltado o sementado, at naiilawan yamang walang hirap at walang putik [ang daan tungo sa masjid].

**Sagot**: Walang masama sa pagsasama ng *maghrib* at *'ishá'*, o *dhuhr* at *'asr*, ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas, kapag may ulan at mahirap ang pagpunta sa mga masjid. Ganoon din naman kung madulas at may mga baha na dumadaloy sa mga daan sapagkat dahil doon ay may kahirapan [ang pagpunta sa mga masjid]. Ang batayan niyon ay ang napagtibay sa Sahíhayn ayon kay Ibnu 'Abbás (RA), na ipinagsama ng Propeta (SAS) ang [mga *saláh* sa] *dhuhr* at *'asr*, at ang [mga *saláh* sa]

*maghrib* at ‘*ishá’* sa Madínah. Idinagdag pa ni Imám Muslim sa sanaysay niya na [ginawa iyon] hindi dahil sa may pinangangambahan [na panganib] o ulan o paglalakbay. Kaya nagpapakikita iyon na napagtibay sa *Sahábah* (RA) na ang pangamba at ulan ay tanggap na dahilan sa pagsasama ng *saláh* tulad ng paglalakbay. Ngunit hindi ipinahihintulot ang pagpapaikli sa ganitong kalagayan; ipinahihintulot ang pagsasama lamang yamang nananatili sila sa lugar nila at hindi mga *musáfir*. Ang pagpapaikli ng *saláh* ay kabilang sa kapahintulutang laan sa paglalakbay.

**54.** Ang *níyah* ay isa po bang kondisyon sa pagpapahintulot sa pagsasama [sa mga *saláh*]? Marami ang nagsasagawa ng *saláh* sa *maghrib* nang walang *níyah* na pagsamahin [ang *maghrib* at ang *‘ishá’*] at pagkatapos ng *saláh* sa *maghrib* ay nagsasanggunian ang *jamá‘ah* at kapag napagkaisahan ang pagsasama ay isasagawa agad nila ang ‘*ishá’* [sa oras ng *maghrib*].

**Sagot**: Nagkaiba ang mga pantas tungkol doon ngunit ang matimbang na pahayag ay na ang *níyah* ay hindi isang kondisyon sa pagpapasimula ng unang *saláh* (*saláh* sa *maghrib*), datapuwa’t ay ipinahihintulot ang pagsama [sa kasunod na *saláh*] matapos isagawa ang una kapag lumitaw ang kondisyon na nagpapahintulot sa pagsasama [sa mga *saláh*] gaya ng pangamba [sa isang panganib], sakit, at ulan. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**55.** Ano po ang hatol sa tuloy-tuloy na pagsasagawa ng dalawang *saláh* yayamang maaaring antalain [iyon ng *jamá'ah*] sa loob ng yugtong [sa tagal ay] maituturing na paghihiwalay na sa dalawang *saláh* na pagsasamahin?

**Sagot**: Ang kailangang gawin sa pagsasama na *taqdím*[42] ay ang tuloy-tuloy na pagsasagawa ng dalawang *saláh* at walang masama na magkaroon ng kaunting antala [sa pagitan ng dalawang *saláh*] sapagkat napagtibay mula sa Propeta (SAS) ang tungkol doon at sinabi pa niya: ***"Magdasal kayo kung papaano ninyong nakitang nagdasal ako."*** Ang tama ay na ang *níyah* ay hindi isang kondisyon gaya nga ng naunang nabanggit sa sagot sa nagdaang tanong bilang 54. Tungkol naman sa pagsasama na *ta'khír*,[43] ang bagay na ito ay may kaluwagan sapagkat ang ikalawang [*saláh*] ay isasagawa sa oras nito ngunit ang pinakamainam ay na tuloy-tuloy na isagawa ang dalawang *saláh* bilang pagsunod sa ginagawa ng Propeta (SAS) kaugnay roon. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**56.** Kapag kami ay naglalakbay at napadaan kami sa isang masjid sa oras ng [*saláh* sa] *dhuhr*, halimbawa, ang

---

[42] Ang *taqdím* ay ang magkasunod na pagsasagawa ng mga *saláh* sa *dhuhr* at *'asr* sa oras ng *dhuhr*, at ng mga *saláh* sa *maghrib* at *'ishá'* sa oras ng *maghrib*.

[43] Ang *ta'khír* ay ang magkasunod na pagsasagawa ng mga *saláh* sa *dhuhr* at *'asr* sa oras ng *'asr*, at ng mga *saláh* sa *maghrib* at *'ishá'* sa oras ng *'ishá'*.

kanais-nais ba para sa amin ay na magsagawa kami ng *saláh* sa *dhuhr* kasama ng *jamá'ah* at pagkatapos ay isasagawa namin ang pinaikling *'asr*, o isasagawa na lamang namin ang *saláh* (na hindi kasabay ng *jamá'ah*)? At kapag nagsagawa kami ng *saláh* kasama ng *jamá'ah* (sa masijd na iyon) at [pagkatapos nito ay] ninais naming magsagawa ng *saláh* sa *'asr*, tatayo ba kami kaagad pagkatapos ng *taslím* alang-alang sa tuloy-tuloy na pagsasagawa [ng *dhuhr* at *'asr*], o bibigkas muna kami ng mga *dhikr* at pagkatapos ay magsasagawa ng *'asr*?

**Sagot**: Ang pinakamainam para sa inyo ay na magsagawa kayo ng pinaikling *saláh* nang kayo-kayo lamang sapagkat ang *sunnah* para sa *musáfir* ay ang paikliin ang *saláh* na apatang *rak'ah*. Ngunit kung magsasagawa kayo ng *saláh* kasama ng mga di-naglalakbay, tungkulin ninyong buuhin ang *saláh* gaya ng nasaad sa *Hadíth* na *saháh* tungkol doon mula sa Propeta (SAS). Kapag ninais ninyo ang pagsasama [sa mga *saláh*], ang itinatagubilin para sa inyo ay ang agad na pagsasagawa niyon bilang pagsasagawa sa Sunnah, gaya ng naunang nailahad sa sagot sa tanong bilang 55, matapos magsabi ng tatlong ***astaghfirulláh*** at ng ***alláhumma antas salám, wa minkas salám, tabárakta ya dhal jaláli wal ikrám***. Ngunit kung ang naglalakbay ay nag-iisa, siya ay kailangang magsagawa ng *saláh* kasama ng *jamá'ah* na di-naglalakbay at saka bubuuhin niya ang *saláh* sapagkat ang pagsasagawa ng *saláh* kasama ng *jamá'ah* ay isa sa

mga *fard* at ang pagpapaikli sa *saláh* ay *mustahabb*. Tungkuling higit na pahalagahan ang *fard* kaysa sa *mustahabb*. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**57.** Ano po ang hatol sa *saláh* ng di-*musáfir* na pinamumunuan ng isang *musáfir* o ang kabaligtaran nito? May karapatan ba ang *musáfir* na magpaikli [ng mga *saláh*] sa sandaling siya ay *imám* o *ma'múm*?

**Sagot**: Ang *saláh* ng *musáfir* na pinamumunuan ng di-*musáfir* o ang *saláh* ng di-*musáfir* na pinamumunuan ng *musáfir* ay kapwa walang masama roon. Subalit kung ang *ma'múm* ay ang *musáfir* at ang *imám* ay ang di-*musáfir*, tungkulin ng *ma'múm* (na *musáfir*) na sundan ang kanyang *imám* [na di-*musáfir* kaya naman hindi na niya paiikliin ang *saláh*] sapagkat ayon napagtibay sa [*Hadíth* na nasa] Musnad ni Imám Ahmad ibnu Hanbal at Sahíh Muslim, na ayon kay Ibnu 'Abbás (RA) siya ay tinanong tungkol sa apat na *rak'ah* na *saláh* ng *musáfir* na pinamumunuan ng di-*musáfir* at sumagot siya na iyon ay *sunnah*. Subalit kung nagsagawa ng *saláh* na ápátang *rak'ah* ang di-*musáfir* sa ilalim ng pamumuno ng *musáfir*, bubuuhin niya ang *saláh* niya kapag nakapagsagawa na ng *taslím* ang kanyang *imám* [na *musáfir*].

**58.** Maaaring mangyari na sa pagsasama ng [mga *saláh* na] *maghrib* at '*ishá'* "dahil may ulan" ay dadalo ang iba sa mga tao habang ang *imám* ay nagsasagawa ng *saláh* sa

*‘ishá’* kaya naman sasabay sila sa *imám* sa pag-aakalang siya ay nagsasagawa ng [*saláh* sa] *maghrib*; kaya ano po ang kailangang nilang gawin?

**Sagot**: Kailangang sila ay maupo pagkatapos ng ikatlong *rak‘ah* at bibigkasin nila ang *tashahhud* at ang panalangin [para sa Propeta (SAS)] at pagkatapos ay magsagawa ng *taslím* matapos magsagawa niyon ang *imám*. Pagkatapos ay isasagawa nila ang *saláh* sa *‘ishá’*. Sa gayong paraan ay matatamo ang biyaya ng *saláh* sa *jamá‘ah* at maisasagawa ang kinakailangang pagkakasunod-sunod [ng mga *saláh*]. Kung nalampasan na sila ng isang *rak‘ah*, isasagawa nila kasama ng *imám* ang natitira [pang mga *rak‘ah*] nang may *níyah* na [isasagawa ang *saláh* sa] *maghrib* at makasasapat na iyon sa kanila para sa *maghrib*. Kung nalampasan na sila ng higit [sa isang *rak‘ah*], isasagawa nila kasabay niya ang maabutan nila at pagkatapos ay bubuuhin nila ang matitira para sa kanila. Gayon din kung nalaman na nila na ang *imám* ay nasa sandali ng [pagsasagawa ng] *‘ishá’*, lalahok sila [sa *saláh*] kasabay ng *imám* nang may *níyah* na magsasagawa ng *saláh* sa *maghrib* at gagawin nila ang nabanggit natin at saka nila isagawa ang *saláh* sa ‘*ishá’* matapos niyon. Ito ang pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas.

**59.** Nagkaiba ang pananaw sa kainaman ng pagsasagawa ng *saláh* na *sunnah* kalakip ng pagpapaikli [sa mga *saláh*] sa panahon ng paglalakbay; may nagsasabing

kanais-nais na gawin iyon at may nagsasabing hindi kanais-nais iyon yamang pinaikli na mga *saláh* na *fard*. Kaya ano po ang pahayag ninyo tungkol doon at ganoon din po sa mga *saláh* na sadyang *sunnah* gaya ng *salátul layl*?

**Sagot**: Ang *sunnah* para sa *musáfir* ay ang isaisang-tabi ang mga *saláh* na *sunnah* sa *dhuhr*, *maghrib*, at *'ishá'* subalit isasagawa ang *sunnah* sa *fajr* bilang pagtulad sa Propeta (SAS) hinggil doon. Ganoon din naman, itinatagubilin para sa kanya ang magsagawa sa gabi ng *tahajjud* at ng *witr*[44] sa panahon ng paglalakbay sapagkat ang Propeta (SAS) ay gumagawa niyon. Gayon din ang lahat ng *saláh* na *sunnah* at mga *saláh* na isinasagawa dahil sa ilang mga dahilan gaya ng *salátud duhá*,[45] *sunnatul wudú'*[46] at *salátul kasúf*.[47] Itinatagubilin din ang *sujúdut tiláwah*[48] at ang *saláh tahiyatil masjid*[49] kapag

---

[44] Ang *tahajjud* na isinasagawa kapag nagising sa gabi bago at ang *witr* na isinasagawa naman bago matulog ay mga *saláh* na *sunnah* na isinasagawa pagkatapos ng *'ishá'* bago sumapit ang oras ng *fajr*. Binubuo ang mga ito ng isa o tatlo o lima o pito o siyam o labing-isang *rak'ah*.

[45] Isinasagawang gaya ng karaniwang *saláh* na *sunnah* kapag sumikat na ang araw.

[46] Ito ay dalawang *rak'ah* na *saláh* na isinasagawa, gaya ng pangkaraniwang *saláh* na *sunnah*, matapos magsagawa ng *wudú'*.

[47] Ang *salátul kasúf* ay *saláh* na *sunnah* na isinasagawa kapag may eklipse.

[48] Ito ay dalawang pagpapatirapa na gaya ng *sujúdus sahw* na isinasagawa kapag may nabasa sa Qur'an na isang *áyah* na nag-uutos na magpatirapa. Maaaring isagawa ito habang nagbabasa ng Qur'an o nagsasagawa ng *saláh*.

papasok sa masjid para magsagawa ng *saláh* o para sa iba pang dahilan.

**60.** Hinihiling po ba na isang kondisyon sa pagsasagawa ng *sujúdut tiláwah* ang pagkakaroon ng *wudú'*? Magsasabi pa po ba ng ***Alláhu akbar*** kapag magpapatirapa at mag-aangat [ng ulo mula sa patirapa] kung [ang *sujúdut tiláwah* na] ito ay nangyari sa loob ng *saláh* o sa labas nito (habang nagbabasa ng Qur'an)? Ano po ang sinasabi sa *sujúdut tiláwah*? Ang nasasaad po bang *du'á'* para rito ay tumpak? Itinatagubilin po ba ang pagsasagawa ng *taslím* sa *sujúdut tiláwah* kung ito ay nangyari sa labas ng *saláh* (habang nagbabasa ng Qur'an)?

**Sagot**: Ang *sujúdut tiláwah* ay hindi humihiling ng *wudú'* bilang isang kondisyon para sa pagsasagawa nito ayon sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas. Wala na rin ditong *taslím* at *takbír* (pagsabi ng ***Alláhu Akbar***) kapag aangat na mula pagkakapatirapa ayon pa rin sa pinakatumpak sa pahayag ng mga pantas. Ngunit itinatagubilin dito ang *takbír* kapag magpapatirapa na dahil napagtibay sa isang *Hadíth* na isinalaysay ni Ibnu 'Umar (RA) ang nagpapahiwatig doon. Samantala, kapag ang *sujúdut tiláwah* ay nasa loob ng *saláh*, kinakailangan doon ang *takbír* kapag magpapatirapa at mag-aaangat [ng

[49] Ang *saláh* ng pagbati sa masjid. Ang pagsagawa nito ay walang ipinagkaiba sa pangkaraniwang *saláh* na *sunnah*.

ulo sa pagkakapatirapa] dahil ang Propeta (SAS) ay gayon ang ginawa sa bawat pagpapatirapa at pag-aangat [ng ulo mula sa pagkakapatirapa] sa *saláh*. Napagtibay mula sa kanya na siya (SAS) ay nagsabi: ***"Magdasal kayo gaya ng pagkakita ninyo na nagdadasal ako."*** [Ang *Hadíth* na] ito ay isinalaysay ni Imám al-Bukhárí. Itinatagubilin sa *sujúdut tiláwah* [na bumigkas ng] ano mang *du'á'* at ano mang *dhikr* na itinatagubilin sa [karaniwang] pagpapatirapa ayon sa pangkalahatang saklaw ng *Hadíth* [tungkol dito], gaya ng: ***Alláhumma laka sajattu wa bika ámantu wa laka aslamtu, sajada wajhí lilladhí khalaqahu wa sawwarahu wa shaqqa sam'ahu wa basrahu bihawlihi wa qúwatihi, tabárakalláhu ahsanul kháliqín.***[50] Isinalaysay ito ni Imám Muslim ayon sa *Hadíth* na isinalaysay ni 'Alí (RA) mula sa Propeta (SAS) na siya (SAS) ay bumibigkas ng *dhikr* na ito sandali ng pagpapatirap niya sa *saláh*. Nabanggit na kanina na itinatagubilin din sa *sujúdut tiláwah* ang itinatagubilin sa pagpapatirapa sa *saláh*. Naisalaysay mula sa Propeta (SAS) na siya ay nananalangin sa *sujúdut tiláwah* sa pamamagitan ng sabi niyang ito: ***Alláhummaktub lí bihá 'indaka ajrá, wamhu 'anní bihá wizrí, waj'alhá lí 'indaka dhukhrí, wa taqabbalhá***

---

[50] O Allah, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya at sa Iyo ako sumuko. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha niyon, nagbigay-anyo roon, at gumawa sa pandinig niyon at sa paningin niyon sa pamamagitan ng Kanyang lakas at Kanyang kapangyarihan. Sagana sa pagpapala si Allah, ang pinakamagaling sa mga tagalikha.

***minní kamá taqabbaltahá min ‘abdika dáwuda ‘alayhis salám.***[51] Ngunit ang kinakailangan na sabihin sa *sujúdut tiláwah* ay ***subhána rabbiyal a‘lá*** na gaya rin ng kailangang sabihin sa sandali ng pagpapatirapa sa *saláh*. Ang anumang madadagdag na *dhikr* at *du‘á’*, iyon ay kanais-nais. Ang *sujúdut tiláwah* sa sandali ng *saláh* o pagbabasa ng Qur’an ay *sunnah* at hindi *fard* dahil napagtibay mula sa Propeta (SAS) ayon sa *Hadíth* na isinalaysay ni Zayd ibnu Thábit (RA) ang nagpapahiwatig doon (na hindi iyon *fard*) at napagtibay din mula kay ‘Umar (RA) ang nagpapahiwatig din doon. Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**61.** Maaaring maganap ang *solar eclipse* (eklipse sa araw) matapos ang *saláh* sa *‘asr*; kaya isasagawa rin ba ang *saláh* para sa eklipse (*salátul kasúf*) sa oras na bawal [magsagawa ng *saláh*] at gayon din ang *saláh tahiyatil masjid*?

**Sagot**: Sa dalawang usapin ay may pagkakaiba ng mga pahayag ang mga pantas ngunit ang tama ay ipinahihintulot iyon, bagkus ay itinatatagubilin iyon dahil ang *salátul kasúf* at *saláh tahiyatil masjid* ay kabilang sa

---

[51] O Allah, magtala Ka po para sa akin sa pamamagitan nito (*sujúdut tiláwah*) ng isang gantimpalang mula sa Iyo, magpawi Ka po mula sa akin sa pamamagitan nito ng isang kasalanan, at gawin Mo po ito para sa akin na isang kayamanan mula sa iyo, tanggapin Mo po ito mula sa akin kung papaano Mong tinanggap ito sa iyong lingkod na si Dáwud sumakanya ang kapayapaan.

[mga *saláh* na] isinasagawa sanhi ng mga kadahilanan. Ang tama ay itinatagubilin ito [kahit na] sa oras na bawal [magsagawa ng *saláh*] pagkatapos ng *'asr* at *fajr,* gaya ng sa iba pang mga oras alinsunod sa kalahatang kahulugan ng sabi ng Propeta (SAS): ***"Tunay na ang araw at ang buwan ay dalawang tanda sa mga tanda ni Allah; hindi naglalaho ang mga ito dahil sa pagkamatay ng isa o pagkasilang nito. Kaya kapag nakita ninyo iyon ay magdasal kayo at manalangin kayo hanggang sa mahawi ang eklipse sa inyo."*** Ang *Hadíth* na ito ay napagkaisahan sa katumpakan. Ayon pa rin sa sabi niya (SAS): ***"Kapag pumasok ang sinuman sa inyo sa masjid ay huwag siyang umupo hanggat hindi siya nagdadasal ng dalawang rak'ah [na saláh]."*** Ang *Hadíth* na ito ay napagkaisahan din sa katumpakan. Ganoon din ang dalawang *rak'ah* [na *saláh* na *sunnah* pagkatapos] ng *tawáf* kapag nagsagawa ng *tawáf* ang isang Muslim pagkatapos ng *saláh* sa *fajr* o *'asr*, [kailangan pa ring magsagawa ng dalawang *rak'ah* na *saláh* na *sunnah*] sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"O angkan ni 'Abdu Manáf huwag ninyong pigilan ang isa man na nagsagawa ng tawáf sa Bahay na ito (Ka'bah) at nagdasal sa anumang oras na naisin niya, sa gabi man o araw."*** [Ang *Hadíth* na] ito ay isinalaysay ni Jubayr ibnu Mut'im (RA). Si Allah ang tagapagkaloob ng patnubay.

**62.** Ano po ang hatol sa sama-samang sabay-sabay na pagbigkas sa *dhikr* pagkatapos ng *saláh* gaya ng ginagawa ng iba? Ang *sunnah* po ba ay ang may tunog na pagbigkas sa *dhikr* o ang tahimik na pagbigkas?

**Sagot**: Ang *sunnah* ay ang may tunog na pagbigkas sa *dhikr* pagkatapos kaagad ng [alinman sa] limang *saláh* [na *fard*] at pagkatapos kaagad ng *salátul jum'ah* (*saláh* sa araw ng pagsamba tuwing Biyernes) matapos magsagawa ng *taslím* sapagkat napagtibay sa Sahíhayn ayon kay Ibnu 'Abbás (RA) na ang pagtataas ng tinig sa pagbigkas ng *dhikr* kapag natatapos na ng mga tao ang *saláh* na *fard* ay ginagawa noong kapanahunan ng Propeta (SAS). Nagsabi si Ibnu 'Abbás (RA): "Aking nalalaman kapag natapos na nila ito (ang *saláh*) kapag narinig ko iyon (ang dhikr)."

Tungkol naman sa sama-samang pagbigkas nito anupa't sinusundan ng bawat isa ang pagbigkas ng iba mula sa simula nito hanggang sa katapusan nito at ang paggaya rito sa pagbigkas na iyon, ito ay walang batayan, datapuwa't ito ay isang *bid'ah.*[52] Ang itinatagubilin ay na bigkasin nilang lahat ang *dhikr* para kay Allah, nang walang paglalayon na pagsabayin ang mga tinig sa simula hanggang sa katapusan. Si Allah ang tagapagkaloong patnubay.

[52] Ang ano mang gawain o paniniwala na hindi katuruan ng Islam na ipinasok sa Islam at inaakalang ito ay katuruan ng Islam.

**63.** Kapag nakapagsalita ang isang tao samantalang nasa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* dala ng pagkalimot, masisira ba ang *saláh* niya?

**Sagot**: Kapag nakapagsalita ang isang Muslim sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* dala ng pagkalimot o kawalang-kaalaman [na bawal iyon], hindi masisira ang *saláh* niya sa pamamagitan niyon maging ito man ay *fard* o *sunnah* dahil ang sabi ni Allah [sa panalanging itinuro Niya]: **"Panginoon namin, huwag Mo po kaming parusahan kung nakalimot kami o nagkamali kami;"**(2:286). Napagtibay sa *Hadíth* na *sahíh* mula sa Propeta (SAS) na [bilang tugon sa panalangin na ito] si Allah ay nagsabi: **"Ginawa Ko na."** Nasasaad sa Sahíh Muslim ayon kay Mu'áwiyah ibnu al-Hakam as-Salamí (RA) na siya ay nagsabi ng ***yarhamukalláh*** sa bumahin sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* dala ng kawalang-kaalaman sa patakaran ng *Sharí'ah* [hinggil doon] kaya naman pinulaan siya dahil doon ng mga nakapalibot sa kanya sa pamamagitan ng pagsenyas. Kaya tinanong niya ang Propeta (SAS) hinggil doon at hindi naman siya inutusan nito (SAS) na ulitin ang *saláh*. Ang nakalimot ay katulad ng walang nalalaman. At sapagkat ang Propeta (SAS) ay nakapagsalita sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* dala ng pagkalimot at hindi na niya inulit iyon. Sa halip ay binuo niya ang *saláh*, gaya nga ng ng nasasaad sa Sahíhayn ayon sa *Hadíth* na isinalaysay ni Abú Hurayrah (RA) hinggil sa kasaysayn ni Dhul Yadayn at

gaya nga rin ng nasasaad sa Sahíh Muslim ayon sa *Hadíth* na isinalaysay nina Ibnu Mas‘úd (RA) at ‘Imrán ibnu Husayn (RA). Tungkol naman sa pagsesenyas sa sandali ng pagsasagawa ng *saláh* ay wala namang masama roon kapag tinawag ng pangangailangan. Si Allah ang tagakaloob ng patnubay.